Ang Hindi Mapag-aalinlanganang Ebanghelyo

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 55

Layunin: Upang magbigay ng pangwakas na kaisipan mula sa 2 Mga Taga Corinto, ipakilala ang sulat ni Pablo sa mga taga Galacia, at maunawaan ang pangunahing problema na binibigyang pansin ni Pablo sa Galacia.

Subukin ninyo ang inyong mga sarili kung kayo'y namumuhay ayon sa pananampalataya. Suriin ninyo ang inyong sarili. Hindi ba ninyo nalalamang nasa inyo si Cristo Jesus….?

—2 Mga Taga Corinto 13:5

Nagtataka ako kung bakit kay dali ninyong tumalikod sa Diyos na tumawag sa inyo sa pamamagitan ng kagandahang-loob ni Cristo at kayo'y bumaling agad sa ibang magandang balita. Ang totoo'y wala namang ibang magandang balita; kaya nga lamang, may mga nanggugulo sa inyo at nagsisikap na baguhin ang Magandang Balita ni Cristo. Subalit parusahan nawa ng Diyos ang sinuman, maging kami o isang anghel man na mula sa langit, na mangaral sa inyo ng Magandang Balita na iba sa ipinangaral na namin sa inyo. Sinabi na namin ito sa inyo, at inuulit ko ngayon, parusahan nawa ng Diyos ang sinumang mangaral sa inyo ng Magandang Balita na naiiba kaysa tinanggap na ninyo.

—Mga Taga Galacia 1:6-9

Sa 2 Mga Taga Corinto, sinagot ni Pablo ang paratang ng iglesia sa Corinto laban sa kanya at sa kanyang ministeryo. Hindi nila maatake ang lohika ng payo ni Pablo sa kanila sa 2 Mga Taga Corinto, kaya naman ang inatake nila ay si Pablo at ang kanyang ministeryo. Sinagot sila sa pagsusulat tungkol sa ministeryo at kredensiyal ng isang ministro.

At saka sa 2 Mga Taga Corinto, nagsalita si Pablo tungkol sa ministeryo at sa mga paghihirap na kanyang pinagtiisan bilang halimbawa sa iglesia sa Corinto. Sumoporta ang mga taga Filipos sa kanya sa pananalapi upang makapagministeryo siya sa mga tao tulad ng mga taga Corinto na hindi na siya dapat gumawa ng mga tolda para kumita. Pinuri niya ang mga taga Filipos sa kanilang bukas na kamay at katapatan nila sa pagbibigay at ang kalidad ng kanilang pagbibigay. Pagkatapos pinayuhan niya ang mga taga Corinto upang makibahagi sa paghahandog na kanyang kinokolekta para sa mga banal sa Jerusalem na naghihirap. Binilinan niya ang mga kalalakihan sa kanilang iglesia na dalhin ang mga handog sa Jerusalem at siguruhin na maibigay ang mga ito sa mga naghihirap. Binigyang diin ni Pablo ang pagiging tapat at pananagutan sa pamamahala at pananalita.

Sa huling bahagi ng 2 Mga Taga Corinto, mariing hinimok ni Pablo na suriin nila ang kanilang sarili kung tunay nga silang mga Kristiyano.

Ang liham ni Pablo sa mga Galacia ay tumutukoy sa mas malalim na problema. Narinig ni Pablo na iilan sa mga lider ng mga Hudyo ay nagtuturo sa mga tao ng kakaibang ebanghelyo, pagtalikod sa ebanghelyo. Sila ay nagtuturo na bukod sa pagsunod kay Cristo kailangan nilang sumunod sa mga kautusan ng mga Hudyo. Sinimulan ni Pablo ang kanyang liham sa mga taga Galacia sa pagsasabi ng may katatagan na walang ibang ebanghelyo kundi ang kanyang ipinangaral sa kanila: ang Ebanghelyo ni Jesu-Cristo. Ang Ebanghelyong iyon, ang totoong ebanghelyo, ay sinasabi na tayo ay naligtas sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, na walang karagdagan.

Ang iglesia sa Galacia ay nakikinig at sumusunod sa bulaang mga tagapagturo. Ipinaalala ni Pablo sa kanila na siya ay tinawag ng Diyos upang mangaral. Gayun din naman isinulat ni Pablo na ang Ebanghelyo na kanyang natanggap ay nanggaling mismo kay Jesus at hindi mula sa ibang tao. Ang napakahalagang katotohanan na matututunan natin mula sa Mga Taga Galacia ay ang pangangailangan natin na alamin ang ganap na Ebanghelyo upang hindi natin sinusunod ang mga bulaang tagapagturo.

1. Tama o Mali? Sa huling bahagi ng 2 Mga Taga Corinto, sinabi ni Pablo sa iglesia na suriin nila ang kanilang mga sarili kung sila nga ay nasa pananampalataya.

2. Tama o Mali? Pinuri ni Pablo ang mga taga Corinto sa kanilang di makasariling pagbibigay upang suportahan siya.

3. Tama o Mali? Ang problemang hinaharap ng iglesia sa Galacia ay di-gaanong seryoso tulad ng problema ng iglesia sa Corinto.

4. Tama o Mali? Pinili si Pablo na maging apostol para sa mga Hentil.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit sinabi ni Pablo sa mga taga Corinto na magpadala ng iilang mga kalalakihan upang dalhin ang handog sa Jerusalem? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nais niyang makasiguro na ang pera ay makakarating sa mga banal na naghihirap.
    b. Ang pagpapadala ng iilang kalalakihan na may dalang pera ay magbibigay ng pananagutan sa kanila na dalhin ito.
    c. Nais niya na ang sarili niyang integridad ay maging halimbawa sa mga taga Corinto.
    d. Ayaw niyang maabala sa pagdadala nito.

6. Ano ang pagkakaiba ng sulat ni Pablo sa mga taga Galacia sa ibang mga sulat niya? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Puno ito ng mainit at mapagmahal na salita (mabait at malumanay na mga salita)
    b. Puno ito ng damdamin (matatapang na salita)
    c. Puno ito ng matuwid na galit (babala sa bulaang taga-pagturo)
    d. Puno ito ng mga pagbibiro (kakatuwang mga kuwento)

7. Bakit namangha si Pablo?
    a. Pinadalan siya ng malaking halaga ng pera para sa kanyang ministeryo.
    b. Pinapahintulutan ng iglesia ang imoral na pagseseks.
    c. Pinagpala ang iglesia ng matinding pagbubuhos ng kaloob ng Espiritu.
    d. Tumatalikod ang iglesia mula sa Ebanghelyo ni Cristo papunta sa baluktot na ebanghelyo.

8. Ano ang sinasabi ng Ebanghelyo ni Jesu-Cristo tungkol sa kaligtasan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi na ito kailangan.
    b. Ito ay sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.
    c. Nakukuha ito sa paggawa ng maraming mabubuting gawa.
    d. Ito ay iniaalok sa lahat.

9. Ang “baluktot” na Ebanghelyo na ipinapangaral ng iba sa Galacia ay itinuturing na apostasy. Ano ang ibig sabihin ng salitang *apostasy*?
    a. “Tumayong malayo dito”
    b. “Tumayo dito”
    c. “Sumama dito”
    d. “Maniwala ng buong puso”

10. Kanino natanggap ni Pablo ang ganap na Ebanghelyo?
    a. Sa kanyang rabbi (guro), Gamaliel
    b. Sa ibang mga apostol
    c. Sa mga propeta sa Lumang Tipan
    d. Kay Jesu-Cristo mismo

11. Pagkatapos manatili ni Pablo sa Damasco at Arabia, sino ang kaniyang kinatagpo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mateo
    b. Santiago
    c. Timoteo
    d. Pedro

12. Bakit sa tingin mo nabalisa si Pablo sa mga taga Galacia? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang mensahe ng biyaya na kanyang ipinangaral ay naragdagan.
    b. Ang Ebanghelyo ay ginawang nakakalito.
    c. Ang mga lider ng mga Hudyo ay nagtuturo na ang kamatayan at pagkabuhay ay hindi sapat para sa kaligtasan.
    d. Siya ay nagseselos na ang mga Hudyong lider ay nangangaral ng pagtalikod sa ebanghelyo na kumakalat

Paano ginagawang "baluktot" ng mga tao ang ganap na Ebanghelyo ngayon? Ano ang mga paraan upang mabantayan natin ang mga bulaang tagpagturo? Ano ang maaari nating gawin upang maibahagi natin ang tunay na Ebanghelyo sa iba?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa sakripisyo ni Jesus, kung saan maliligtas tayo sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Purihin ang Diyos sa Kanyang kaloob na kaligtasan na walang bayad at wala tayong magagawa upang maging karapatdapat na mapasaatin ito o magagawa man upang mawala natin ito. Pasalamatan ang Diyos na ang Biblia ay nagtuturo sa atin tungkol kay Jesu-Cristo at ang Kanyang planong kaligtasan. Hingin sa Diyos na tulungan ka na makilala mo ang bulaang tagapagturo upang huwag kang malito at madala papalayo sa katotohanan. Hingin sa Diyos na tulungan kang magturo sa iba tungkol sa Ebanghelyo ni Jesu-Cristo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit masyadong galit at maramdamin si Pablo noong isulat niya ang liham sa mga taga Galacia?

2. Ano ang inaangkin ni Pablo tungkol sa ebanghelyong kanyang ipinangaral noong nandoon siya sa Galacia? *(Isaalang-alang ang 1:1, 11)*

3. Bakit masyadong idiniin ni Pablo ang talatang walo at siyam sa kabanatang 1?

4. Ano ang tiyak na inangkin ni Pablo sa kanyang karanasan sa Arabia?

5. Ano sa tingin mo kung paano nakumbinsi ni Pablo ang mga apostol sa Jerusalem na siya ay isang apostol din tulad nila?

6. Bakit sa tingin mo pinadala ng Diyos si Pablo na dating Rabbi at iskolar sa mga barbarong Hentil, at pinadala naman ang isang walang pinag-aralang Pedro sa mga Hudyong Rabbi?

7. Paano at bakit napupwersa tayong tanggapin ang sinasabi ni Pablo, na sumulat halos kalahati ng Bagong Tipan, sa talatang 20 sa unang kabanata ng kanyang sulat?

Ang Binaligtad na Ebanghelyo

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 56

Layunin: Upang maunawaan ang Ebanghelyo, na tayo ay hindi naligtas dahil sa pagsunod sa kautusan kundi dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo.

Gayunman, alam naming ang tao'y pinapawalang-sala dahil sa pananampalataya kay Jesu-Cristo, at hindi dahil sa pagsunod sa Kautusan. Kaya't kami rin ay sumasampalataya kay Cristo Jesus upang mapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya, at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Sapagkat ang tao'y hindi pinapawalang-sala dahil sa pagsunod sa Kautusan. Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At habang ako'y nabubuhay pa sa katawang-lupa, mamumuhay ako sa pananalig sa Anak ng Diyos na umibig sa akin at naghandog ng kanyang buhay para sa akin. Hindi ko maaaring tanggihan ang kagandahang-loob ng Diyos. Kung ang tao'y mapapawalang-sala sa pamamagitan ng Kautusan, walang kabuluhan ang pagkamatay ni Cristo!

—Mga Taga Galacia 2:16, 20-21

Sa kabnatang 2 ng Mga Taga Galacia, sinabi ni Pablo ang kuwento noong bumisita siya kina Pedro at mga mananampalataya sa Antioch. Ang mga Hudyong Kristiyano sumusunod pa rin sa mga panuntunan ng mga Hudyo ukol sa pagkain bagamat alam nila na hindi naman ito kailangan upang maligtas. Si Pedro at ibang mga lider sa iglesia na mga Hudyo ay kumain kasama ang mga Hentil.

Isang araw, habang sila ay kumakain, dumating ang ilang kalalakihang mga Hudyo. Ang mga taong ito ay bulaang tagapagturo dahil sinasabi nila sa mga Hentil na kailangan silang maging Hudyo bago sila maligtas. Noong makita ito ni Pedro, kaagad na lumayo siya sa mga Hentil, dahil natakot siya sa mga bulaang tagapagturo.

Nang makita ni Pablo ano ang nangyari, nagalit siya kay Pedro at kanyang sinaway ito sa harapan ng marami. Pina-alalahanan ni Pablo si Pedro na ang isang tao ay hindi naliligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan kundi sa pananampalataya kay Cristo. Ang layunin ng kautusan ay ipakita sa atin ang pangangailangan nang isang Tagapagligtas. Hindi natin kayang iligtas ang ating sarili sa sarili nating pagsisikap. Kinakailangan maipanganak muli tayo sa milagro sa pamamagitan ng Banal na Espiritu upang maligtas, sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Tinapos ni Pablo ang bahaging ito sa isang dakilang pahayag: “Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin.” Si Cristo ay namatay upang tayo ay mabuhay,

at ngayon kailangan tayong “mamatay” sa ating makasalanang kalikasan upang si Cristo ay mabuhay sa atin. Ito ang baligtad na Ebanghelyo.

1. Tama o Mali? Ang layunin ng kautusan ay tulungan tayong maging mabuti.

2. Tama o Mali? Nabahala si Pablo kay Pedro at kanyang sinaway ito sa harapan ng iglesia sa Antioch.

3. Tama o Mali? Kung maliligtas tayo sa pamamagitan ng kautusan, samakatuwid si Cristo ay namatay ng bale wala.

4. Tama o Mali? Ang panalangin ay pagsasabi sa Diyos kung ano ang dapat Niyang gawin.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang ginawa ng mga mananampalataya Hudyo at Hentil na nasa Antioch?
    a. Lagi silang nagtatalo.
    b. Nabuhay sila sa imoral.
    c. Kumain sila sa magkahiwalay na lamesa.
    d. Nagtalo sila kung ano ang kakainin.

6. Bakit lumipat si Pedro sa lamesa ng mga Hudyo?
    a. Wala siyang maupuan.
    b. Ayaw niya ang pagkaing inihanda ng mga Hentil.
    c. Nagbisita ang mga Hudyong guro ng kautusan.
    d. Sinabi ni Pablo sa kanya na lumipat siya.

7. Ano ang ipinaliwanag ni Pablo kay Pedro at sa bawat isa sa iglesia sa Galacia sa araw na iyon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Kailangan sundin ang batas sa pagkain upang maligtas.
    b. Naligtas tayo sa pananampalataya kay Cristo.
    c. Ang mga Kristiyano ay naipako na kasama ni Cristo.
    d. Ang mga Kristiyano ay hindi na nabubuhay kundi si Cristo ang nabubuhay sa kanila.

8. Kung ikaw ay na kay Cristo na, sino ka? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Anak ni Abraham
    b. Isang espirituwal na Hudyo
    c. Isang alipin sa kautusan
    d. Isang tagapagmana ayon sa pangako.

9. Noong ipanganak si Ishmael na anak ni Abraham, ano ang ipinakita nito? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ito ay gawa sa laman.
    b. Ito ay nagpakita ng walang pananampalataya sa Diyos.
    c. Ito ay gawa ng espiritu.
    d. Ito ay nagpakita ng hindi pagiging matiyaga sa Diyos.

10. Noong magkaroon ng anak si Abraham at Sarah na si Isaac, ano ang ipinakita nito? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ito ay gawain ng Espiritu ng Diyos.
    b. Ang Diyos ay matapat.
    c. Mayroong paniniwala si Abraham sa pangako ng Diyos.
    d. Hindi pa matanda si Abraham at Sarah.

Mayroon bang pagkakataon na di ka nagtiwala sa Diyos at gumawa ka sa sitwasyon tulad ni Abraham at Sarah? Ano ang naging dulot nito? Ano ang magagawa mo sa susunod para makasiguro na magtitiwala ka sa Diyos?

_____

_____

_____

Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng ipinako kasama ni Cristo? Paano ka mabubuhay kay Cristo?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa pag-aaral na ito. Pasalamatan Siya na maaari tayong matuto paano mamuhay bilang Kristiyano mula sa Kanyang Salita at sa pag-aaral ng mga buhay ng mga tao sa Biblia. Pasalamatan ang Diyos kay Jesu-Cristo, na namatay upang palayain tayo mula sa kautusan, at ang ating kaligtasan ay hindi nakasalalay sa kung ano ang magagawa natin kundi ang ginawa ni Cristo para sa atin. Hingin sa Diyos na tulungan kang magtiwala sa Kanya at matiyagang maghintay upang makakilos Siya sa iyong buhay.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang kahalagahan ng katotohanan na tinawag ni Pablo ang dalawang anak ni Abraham na "alegorya?"

2. Paano mo bibigyan ng kahulugan, ilalarawan, at magagamit ang tinatawag kong "Baligtad na Ebanghelyo?" *(Isaalang-alang ang 2:20)*

3. Paano mo bibigyan ng kahulugan, ilalarawan, at magagamit ang tinatakan ni Pablo na "Alegorya ng Laman?" *(Si Ishmael na anak ni Abraham)*

4. Paano mo bibigyan ng kahulugan, ilalarawan, at magagamit ang "Alegorya ng Espiritu?" *(Si Isaac na anak ni Abraham)*

5. Ibuod at gamitin bakit nagalit si Pablo kay Pedro, na nakahanay sa dahilan bakit siya galit sa mga taga Galacia. *(Isaalang-alang ang kabanatang 2:11 hanggang sa huling bahagi ng kabanata)*

6. Ibuod at gamitin ang agumento ni Pablo kay Pedro sa 2:11-21?

7. Ibuod at gamitin ang tatlong karanasan ni Pablo na natala sa Mga Gawa 9, 2 Mga Taga Corinto 12 at Mga Taga Galacia 1 at 2. *(Ang pagbabagong loob niya sa daan ng Damasco, ang karanasan na nakarating siya sa ikatlong langit, at ang karanasan niya sa disyerto ng Arabia sa loob ng tatlong taon kasama ang nabuhay muling si Cristo)*

Umani ang Ebanghelyo

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 57

Layunin: Upang maunawaan ang pagkakaiba ng paghahasik ng binhi galing sa laman at paghahasik ng binhi galing sa Espiritu sa hardin ng iyong buhay.

Hindi maikakaila ang mga hilig ng laman: pakikiapid, kahalayan at kalaswaan; pagsamba sa diyus-diyosan, pangkukulam, pagkapoot sa isa't isa, pag-aaway-away, pagseselos, pagkakagalit at kasakiman, pagkakampi-kampi at pagkakabaha-bahagi, pagkainggit, paglalasing, kalayawan, at iba pang katulad nito. Muli ko kayong binabalaan: ang gumagawa ng mga ito ay hindi magkakaroon ng bahagi sa kaharian ng Diyos. Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ito.

—Mga Taga Galacia 5:19-23

Huwag ninyong akalaing madadaya ninyo ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin. Ang sumusunod sa nasa ng kanyang laman ay mag-aani ng kapahamakan. Ngunit ang sumusunod naman sa Espiritu ay mag-aani ng buhay na walang hanggan. Kaya't huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon tayo ay aani kung hindi tayo magsasawa. Kaya nga, sa lahat ng pagkakataon ay gumawa tayo ng mabuti sa lahat ng tao, lalo na sa mga kapatid natin sa pananampalataya.

—Mga Taga Galacia 6:7-10

Sa kabanatang 5 ng Galacia, sa aking paniniwala ay siyang pinaka-puso ng sulat ni Pablo. Sinasabi sa atin ni Pablo na ang mga tagasunod ni Cristo ay maaaring mabuhay sa Espiritu ng Diyos at huwag pagbigyan ang pagnanasa ng makasalanang kalikasan. Ang lumang makasalanang kalikasan ay salungat sa Espiritu, at ang Espiritu ay salungat sa makasalanang pagnanasa. Pinakita ni Pablo ang kaibahan ng gawa ng laman sa bunga ng Espiritu. Ang laman at ang Espiritu ay magkalaban sa kalooban ng mananampalataya. Maaari tayong maghasik ng binhi sa laman sa buhay natin, o maghasik ng binhi sa Espiritu. Ang gawain ng laman ay madaling makita, gayon din naman sa Espiritu. Makikita natin ang unang tatlong bunga sa pamamagitan ng pagtingin sa loob natin: pag-ibig, kagalakan, at kapayapaan. Ang susunod na tatlong bunga ng Espiritu ay nagpapakita ng ating mga relasyon sa iba: katiyagaan, kabaitan, at kabutihan. Ipinapakita natin ang huling tatlo sa pakikipag-ugnay natin sa Diyos: katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Mangako maging tapat kay Jesu-Cristo at isuko ang sarili sa Kanya. Kapag naging tagasunod ka ni Cristo, ikaw ay mamamatay sa mundo kung magkagayon ang mga bagay sa mundo ay mamamatay sa iyo. Maaari tayong lumakad sa laman o mabuhay at lumakad sa Espiritu. Ang mga Kristiyano ay dapat lumakad sa tagumpay. Normal sa mga puspos ng Espiritu ang magkaroon ng bunga ng Espiritu.

1. Tama o Mali? Ang liham ni Pablo sa mga taga Galacia ay tungkol sa Ebanghelyo.

2. Tama o Mali? Kapag tayo ay naghasik ng binhi sa laman, magkakaroon tayo ng mabuting bunga.

3. Tama o Mali? Kailangan mong tuparin ang Kautusan ng Diyos upang maging bagong nilalang, maipanganak na muli.

4. Tama o Mali? Posible sa mga hindi Kristiyano ang magmahal sa iba tulad ng pagmamahal ng Diyos.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Kapag ikaw ay naging Kristiyano, ano ang mangyayari sa iyong likas na laman o natural na tao? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ito ay pinalayas na.
    b. Ito ay nasa iyo pa rin.
    c. Ito ang kalaban ng espirituwal na kalikasan.
    d. Ito ay may kontrol pa rin sa iyo.

6. Sino ang may bunga ng Espiritu?
    a. Walang sino man ang magkakaroon ng espirituwal na bunga
    b. Mga Kristiyanong lumalago sa Panginoon
    c. Mga tiyak na Kristiyano lamang
    d. Hindi mga Kristiyano na mababuting tao

7. Alin ang hindi bunga ng Espiritu?
    a. Kapayapaan
    b. Kagalakan
    c. Kahinahunan
    d. Mabuting pakikitungo

8. Paano mo maipapakita ang kabaitan?
    a. Sa pagtatrato sa bawat isa na parang kabahagi ng iyong pamilya
    b. Sa pagiging mabuti hangga't kaya mo
    c. Sa pagtutuon sa iyong sarili
    d. Sa pagtrato sa iba gaya ng pagtrato nila sa iyo

9. Paano nabubuhay ang matapat na tao?
    a. Siya ay maaasahan.
    b. Tapat siya sa kanyang salita.
    c. Mayroon siyang mas maliit na pananampalatya kaysa ibang Kristiyano.
    d. Nakatuon siya kung ano ang makakabuti para sa kanya.

10. Ano ang iyong itatanong kapag pakiramdam mo ay hindi ka makakapagtimpi sa isang tao?
    a. Paano ko magagawa ang taong ito na ibibigay sa akin ang gusto ko?
    b. Paano ko mababago ang taong bumabagabag sa akin?
    c. Paano ko magagawang makaramdam nang mas mabuti?
    d. Ano ang magagawa ko para lalo pang maragdagan ang pagkahinahon ko?

11. Alin ang hindi naglalarawan ng isang mahinahon na tao?
    a. Malambot
    b. Maalalahanin
    c. Malupit
    d. Nakapapawi

12. Alin dito ang hindi nagpapakita ng pagpipigil sa sarili
    a. Pagiging mapagpasensiya sa iba
    b. Paggamit ng mga salita na nagpapalakas ng loob
    c. Pagiging seloso sa ibang tao
    d. Pagiging mahinahon imbis na makuhang magalit

13. Sa listahan sa ibaba, bilugan ang bunga ng Espiritu na lumalago sa iyong buhay. Ang iyo bang pamilya at kaibigan ay sasang-ayon sa iyo? Ngayon ay lagyan ng tsek sa tabi ng bunga ng espiritu ang sa tingin mo'y hindi nakikita sa iyong buhay.

Pag-ibig	Kagalakan
Kapayapaan	Mapag-pasensiya
Kabaitan	Kabutihan
Katapatan	Kahinahunan
Pag-pipigil sa sarili	

Sa Mga Taga Galacia 6:7-8 mababasa ang, *"Huwag ninyong akalaing madadaya ninyo ang Diyos. Kung ano ang itinanim ng tao, iyon din ang kanyang aanihin. Ang sumusunod sa nasa ng kanyang laman ay mag-aani ng kapahamakan. Ngunit ang sumusunod naman sa Espiritu ay mag-aani ng buhay na walang hanggan."* Ano ang itinatanim mo sa hardin ng iyong buhay? Alalahanin na kung anuman ang iyong itinanim, ito ang iyong aanihin at aani ka ng higit sa iyong itinanim. Ano ang iyong itatanim para sa Espiritu sa linggong ito? Paano ka magpapatuloy sa pagtatanim ng mabuting bagay sa iyong buhay upang mapasaya mo ang Diyos?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa Banal na Espiritu na dumating at nanirahan sa iyo noong ikaw ay binago. Pasalamatan Siya sa bunga ng Espiritu, at hingin sa Diyos na bigyan ka nang maraming bunga sa iyong buhay. Hingin sa Diyos na tulungan ka upang itigil ang paghahasik ng binhi sa laman kundi maghasik ng mas marami binhi upang mapasaya ang Espiritu ng Diyos.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Kapag tumingin ka sa loob, paano mo mai-uugnay at magagamit ang tatlong bunga ng Espiritu: pag-ibig, kagalakan, at kapayapaan?

2. Kapag ikaw ay tumingin sa paligid, paano mo mai-uugnay at magagamit ang tatlong bunga ng Espiritu: katiyagaan, kabaitan, at kabutihan?

3. Kapag ikaw ay tumingin sa itaas, paano mo mai-uugnay at magagamit ang tatlong bunga ng Espiritu: katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili?

4. Paano mo maiuugnay at magagamit ang katotohanang ang siyam na katangiang ito ay tinawag na "*bunga* ng Espiritu?" at hindi "mga bunga ng Espiritu?"

5. Paano ka sasagot sa katanungan ng isang hindi mananampalataya kapag tinanong: "Sa tingin mo ba ang mga espirituwal na katangian— pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili—lahat ay napakaganda, ngunit ang mga ito ay walang saysay at hindi na uso sa ating panahon ngayon?"

6. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang talatang 7 kabanatang 6, ganon din ang huling talata sa kabanatang 6, sabihin mo sa amin, ano ang pagkakaiba sa pagitan ng paglikha at pagkabulok sa buhay ng isang mananampalataya?

7. Ano ang sinasabi ng unang limang talata sa kabanatang 6 tungkol sa kahalagahan ng pagmamalasakit sa bawat isa? *(Ikumpara ang mga talatang ito sa Mateo 5:21-24)*

Karisma Kay Cristo

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 58

Layunin: Upang maunawaan ang kalayaan kay Cristo ayon sa binanggit ni Pablo sa Mga Taga Galacia, at ipakilala ang pag-aaral natin sa aklat ng Mga Taga Efeso sa pamamagitan ng mga pagpapala natin mula kay Cristo sa kalangitan.

Malaya na tayo dahil pinalaya tayo ni Cristo. Kaya magpakatatag kayo at huwag nang paalipin pang muli!

—Mga Taga Galacia 5:1

Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal at makalangit dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo.

—Mga Taga Efeso 1:3

Sa kanyang sulat sa mga taga Galacia, sinaway ni Pablo ang iglesia sa paniniwala ng mga lider ng relihiyon na nagsasabi na kailangan sundin ang mga kautusan upang maligtas. Tinanong ni Pablo kung siya ay naging kalaban nila pagkatapos niyang sabihan sila tungkol sa pagtalikod nila sa ebanghelyo na kanilang tinanggap. Sa 4:19, sinulat ni Pablo na nais niyang mabuo si Cristo sa mga mananampalataya sa Galacia. Nais makasiguro ni Pablo na manatiling malaya at di na muling mailagay sa tanikala ng pagka-alipin sa kautusan ng mga Hudyo at seremonyas, dahil pinalaya na sila ni Cristo.

Ang sulat ni Pablo sa mga taga Efeso ay ang obra maestra ni Pablo tungkol sa Iglesia ni Cristo. Tulad ng iba pang mga sulat ni Pablo, ang unang bahagi ng sulat (Mga Taga Efeso 1:1-4:16) ay doktrinang bahagi at ang huling bahagi (4:17-6:24) ay mga praktikal na gamit ng sulat. Ang pinaka puso ng sulat ay matatagpuan sa 1:3, kung saan mababasa natin, "*Purihin ang Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal at makalangit dahil sa ating pakikipag-isa kay Cristo."* Lahat ng espirituwal na pagpapala ay nasa atin na upang mamuhay bilang pinanganak na muli, mananampalatayang kontrolado ng Espiritu.

Sa unang tatlong kabanata ng sulat, pinaalala ni Pablo sa mga taga Efeso ang mga katotohanang itinuro niya sa kanila. Pagkatapos, sinimulan niya ang ika-apat na kabanata, laging ginagamit ni Pablo ang salitang "lumakad." Nais niyang lumakad ng karapat-dapat—lumakad na nakikita ang mga katotohanang itinuro niya sa kanila noong kasama pa siya sa Efeso. Sila'y pina-alalahanan ni Pablo na posibleng mamuhay dito sa mundo ngunit ang katotohanan ay nabubuhay sila kay Cristo sa kalangitan, sa makalangit na dimensyon.

Sa kabanatang 3, sinulat ni Pablo ang dakilang misteryo ng Iglesia. Ibig sabihin ng Misteryo ay "isang sikreto na malapit na o mamaya na ibubunyag." Hanggang sa Pentecostes, walang

sinuman ang nakakaalam na, isang araw, kapwa Hudyo at Hentil ay magiging isa kay Cristo at magtitipon na magkakasama sa kanyang Iglesia. Sa kabanatang 4:1-16, itinuro ni Pablo ang dakilang katotohanan paano ang Iglesia ni Cristo ay dapat gumana.

1. Tama o Mali? Sinabi ni Pablo na ang tinik sa kanyang laman ay sakit sa balat.

2. Tama o Mali? Gumugol ng mas maraming panahon si Pablo sa Efeso kaysa sa ibang mga lugar kung saan siya ay nagtayo ng iglesia sa kanyang paglalakbay bilang misyonero.

3. Tama o Mali? Nagturo sa seminaryo si Pablo araw-araw sa loob ng dalawang taon malapit sa Efeso.

4. Tama o Mali? Ang iglesia sa Laodicea ay siyang inang iglesia ng mga iglesia doon.

5. Tama o Mali? Ang langit ay hindi lang isang lugar kung saan ang mga taga-sunod ni Cristo ay pupunta upang makasama ang Diyos, kundi ito'y isang dimensyon na maaaring mabuhay doon ngayon.

6. Tama o Mali? Sinabi ni Pablo na imposibleng mabuhay kay Cristo ng walang hanggan hanggang sa tayo ay mamamatay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

7. Ano ang mensahe ng Mga Taga Galacia? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pinalaya na tayo ni Cristo sa pagkaalipin sa kautusan.
    b. Nagdepensa si Pablo tungkol sa kanyang pagiging apostol.
    c. Suriin ang sarili kung tunay ka ngang ligtas.
    d. Hindi natin kayang tumigil mamuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng laman.

8. Ang pagmamalasakit ni Pablo sa mga taga Galacia ay halata sa kanyang sulat. Bakit siya nagmamalasakit sa kanila? *(piliin lahat ng akman)*
    a. Ang kagalakan ng iglesia ay nawala.
    b. Bumabalik sila sa legalistic na pagkaalipin.
    c. Pinipigilan si Pablo na magbisita ng mga bulaang tagapagturo.
    d. Ang iglesia ay puno ng sakit at karamdaman.

9. Alin sa mga sumusunod ang hindi mensahe ng Mga Taga Efeso?
    a. Nasa atin na lahat ang pagpapalang espirituwal na kailangan natin upang mabuhay na kontrolado ng Espiritu bilang mananampalataya.
    b. Kung tayo ay mamumuhay para kay Cristo, kaya nating mabuhay sa makalangit na dimensyon.
    c. Pinalaya na tayo ni Cristo mula sa sakit at paghihirap.
    d. Maaaring mabuhay kay Cristo bilang banal na tao kahit sa gitna ng karumihan at makasalanang mundo.

10. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa salitang "walang hanggan" sa sulat niya sa mga taga Efeso? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Dahil si Cristo ay walang hanggan, tayo ay walang hanggan hanggang sa antas na tayo ay namumuhay ayon kay Cristo.
    b. Kung tayo ay na kay Cristo, mayroon tayong buhay na walang hanggan dahil tayo ay pinag-isa sa Kanya at Siya ay walang hanggan.
    c. Ang maging walang hanggan ay nangangahulugang hindi ka mababuhay ng walang hanggan.
    d. Mararanasan lamang natin ang buhay na walang hanggan pagkatapos nating mamatay.

11. Ano ang dakilang misteryo na pinahayag sa Pentecostes at tinalakay ni Pablo sa Mga Taga Efeso?
    a. Ang Iglesia
    b. Buhay na walang hanggan
    c. Ang pag-asa ng kaluwalhatian
    d. Ang bunga ng Espiritu

12. Ano ang dalawang susing salita sa Mga Taga Efeso?
    a. Pagsisisi at ang Muling Pagdating
    b. Pinawalang sala at kabanalan
    c. Kalayaan at pagkabilanggo
    d. Lumakad at alalahanin

Bilang tagasunod ni Cristo, paano tayo dapat mamuhay ayon kay Pablo? Dahil tayo ay iisang katawan—ang Iglesia ni Jesu-Cristo—pagsikapan natin panatiliin ang pagkakaisa sa Espiritu. Ano ang maaari mong gawin sa linggong ito upang lumakad na nararapat ayon sa pagkatawag sa iyo?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa Kanyang Salita at sa mga sulat ni Pablo. Pasalamatan Siya dahil mayroon kang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Hingin sa Diyos na buksan ang iyong espirituwal na mata upang matutunan mo na mamuhay sa makalangit na lugar. Hingin na tulungan kang maalala ang mga katotohanan na natutunan mo at lumakad na karapatdapat araw-araw ayon sa pagkatawag sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katuruan ni Pablo na lahat ng pagpapalang espirituwal na kailangan mo upang mabuhay na tapat na tagasunod ni Cristo ay nasa kalangitan at na kay Cristo?

2. Magbigay ng limang halimbawa sa sinasabi ni Pablo na pagpapalang espirittuwal.

3. Paano ka maninirahan sa makalangit na lugar?

4. Ano ang ibig sabihin ng mamuhay kay Cristo?

5. Paano mo maiuugnay at magagamit sa iyong sarili ang Mga Taga Efeso 1:3 sa Josue 1:3 at 2 Pedro 1:3?

6. Base sa Mga Taga Efeso 2:8-10, iugnay at gamitin kung ano ang layunin ng Diyos sa iyong kaligtasan.

7. Sa parehong mga talata, paano mo magagamit sa iyong sarili ang katotohanang ang biyaya at pananampalataya ay hindi nanggaling sa iyo at dahil dito hindi ka dapat magmayabang na ang iyong kaligtasan ay para bagang nanggaling sa iyo mula sa mababuti mong gawa?

Ang Basahan at Bagong Kasuotan

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 59

Layunin: Upang maunawaan ang pangunahing mga tema mula sa liham ng Mga Taga Efeso.

Sapagkat dahil sa kagandahang-loob ng Diyos kayo ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ang kaligtasang ito'y kaloob ng Diyos at hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; hindi ito bunga ng inyong mga gawa kaya't walang dapat ipagmalaki ang sinuman.

—Mga Taga Galacia 2:8-9

Dahil dito, ako'y lumuluhod sa Ama, na siyang pinagmulan ng bawat sambahayan sa langit at sa lupa. Idinadalangin kong palakasin niya ang inyong buhay espirituwal ayon sa kanyang kayamanan at kadakilaan sa pamamagitan ng kanyang Espiritu.

—Mga Taga Efeso 3:14-16

Nabanggit sa una, na ang obra maestra ni Pablo tungkol sa iglesia ay ang liham niya sa mga taga Efeso. Nais ipakita ni Pablo ano ang disenyo ng Iglesia ni Cristo ayon sa Diyos. Bago pa nagsimula ang lahat, pinili tayo ng Diyos bilang miyembro ng Kanyang Iglesia, mga taong tinawag na mamuhay ng banal at maging patotoo Niya sa buong mundo. Higit na kailangan ng buong mundo ang patotoo sa Iglesia ngayon.

Sa kabanatang 1, sinabi ni Pablo sa atin, sa makalangit na lugar, nasa atin na lahat ang pagpapalang espirituwal na kailangan natin upang mamuhay kay Cristo. Nabubuhay si Cristo sa makalangit na dimensyon at maaari tayong mabuhay doon kasama Niya. Hindi lahat ng bagay sa makalangit na dimensyon ay mabuti. Ang mga masasamang espiritu ay nabubuhay din doon, ngunit sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ang mananampalataya kay Cristo ay kayang magapi ang masasamang kapangyarihan ng kadiliman sa espirituwal na mundo o makalangit na lugar.

Ipinapakita sa panalangin ni Pablo, sa kabanatang 1 at 3, na siya ay marubdob na namamagitan sa panalangin bilang mandirigma. Nang marining niya na mayroong nanampalataya at sumali sa gawain ni Cristo, nagsimulang manalangin si Pablo at hindi tumigil sa panalangin.

Sa kabanatang 3, pinahayag ni Pablo na ang Iglesia ay isang dakilang misteryo ng Diyos. Nais ni Pablo na maalala ng mga taga Efeso kung ano ang kanilang dating buhay at gaano kaganda noong binigyan sila ni Cristo ng bagong buhay. Sa kabanatang 4, ikinumpara ni Pablo ang ating espirituwal na buhay sa damit na ating sinusuot. Dapat nating alisin ang dating suot na parang basahan at isuot ang damit ng bagong buhay. Tayo ay dapat lumakad, mabuhay kay Cristo bawat araw, alisin ang lumang gawi tulad ng pagsisinungaling, galit, kapaitan, at pag-aaway, at

magsuot ng bagong damit ng kabanalan, katuwiran, katotohanan, pagsisikap, kabaitan, at pag-ibig. Kahuli-hulihan, iniutos ni Pablo na ang mananampalataya ay mapuspos at maging kontrolado ng Espiritu. Ang Banal na Espiritu ang magbibigay sa atin ng kapangyarihan upang mamuhay at lumakad sa makalangit na dimensyon kay Cristo, kahit ano pa ang mga pangyayari sa ating buhay.

1. Tama o Mali? Bago pa nagsimula ang panahon, pinlano na ng Diyos ang pag-iral ng Iglesia.

2. Tama o Mali? Palaging nananalangin si Pablo para sa mga pisikal na pangangailangan ng mga tao sa Iglesia.

3. Tama o Mali? Isinulat ni Pablo na ituon ng mga Kristiyano ang lahat sa langit at huwag na tayong mag-alala sa mga pangangailangan sa mundo.

4. Tama o Mali? Itinuturo ni Pablo na ang kaligtasan ay sa biyaya lamang sa pamamagitan pananampalataya.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang layunin ng liham ni Pablo sa Mga Taga Efeso? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Upang parusahan ang mga taga Efeso sa kanilang kasalanan
    b. Upang ipakita ang layunin ng Diyos sa Iglesia
    c. Upang udyukan ang iglesia sa Efeso na maging tunay na Iglesia ni Jesu-Cristo
    d. Upang udyukan ang Iglesia sa pangkalahatan na mamuhay sa mga makalangit na lugar na may pagpapala

6. Alin sa mga pahayag na ito ang tama tungkol sa makalangit na dimensyon? *(piliin lahat ng akman)*
    a. Ito ang hindi nakikitang mundo ng espritu.
    b. Ito ang lugar na Banal na Espiritu lang ang nakatira.
    c. Kasama rito ang mga espiritual na puwersa ng masama at mabuti.
    d. Hindi makakarating doon ang mga mananamapalataya hangga't hindi sila namamatay.

7. Ano ang sabi ni Pablo na dakilang misteryo ng Diyos?
    a. Kaligtasan
    b. Pag-aasawa
    c. Ang Iglesia
    d. Paglikha

8. Gumamit si Pablo ng talinghaga o larawan upang ipaliwanag paano mabuhay ang mga Kristiyano. Ano ang iilang halimbawa ng mga damit na ibinigay niya na isusuot natin? *(piliin lahat ng akma)*

katuwiran	kabanalan	pagsisikap
kapaitan	poot	galit
gulo	pagmumura	masamang hangarin
kabaitan	pagmamahal	pagpapatawad

9. Dapat magpalakasan sa bawat isa ang mga Kristiyano. Paano natin magagawa ito?
    a. Manalangin sa bawat isa
    b. Ihayag ang ating mga kasalan sa bawat isa
    c. Magsalita na may pagpapalakas ng loob sa bawat isa
    d. Pagsasama-sama sa bawat isa

10. Sa Mga Taga Efeso 5:15, mababasa ang, *"Kaya't mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay. Mamuhay kayong tulad ng matatalino at di tulad ng mga mangmang."* Ano ang ibig sabihin ni Pablo kapag sinabi niya na mag-ingat kung paano tayo mabuhay?
    a. Magkaroon ng kamalayan paano tayo mabuhay sa masamang mundo.
    b. Magtuon lang sa hinaharap nating buhay sa langit.
    c. Magtuon lang sa ating buhay at pangangailangan.
    d. Hindi tayo dapat lumakad sa kadiliman.

Ang mga nabubuhay kay Cristo ay nakikita at tumutugon sa pangangailangan ng mundo. Mga ospital, bahay ampunan, at mga bahay para sa hindi kasal na mga nanay ay itinayo ng mga taong lumalakad *bilang mga anak ng liwanag.* (Mga Taga Efes 5:8) Ano ang mga paraan na maabot mo ang iyong komunidad na may pagmamalasakit?

_____

_____

_____

Sa Mga Taga Efeso 5:18, sinasabi ni Pablo na huwag maglasing ng alak kundi mapuspos ng Espiritu. Hinahayaan mo ba ang Espiritu na magkontrol sa iyo? Ano ang mga paraan na maaaring hayaan ang Espiritu na magkontrol sa iyo sa darating na linggo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa Iglesia at sa disenyo kung paano ito kikilos sa mundo. Purihin Siya sa bagong buhay kay Cristo. Pasalamatan Siya na maaari kang mamuhay kay Cristo sa makalangit na dimensyon ngayon. Hingin na tulungan kang lalong magmalasakit at ipakita sa iyo kung sino ang maaari mong tulungan sa linggong ito.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang “mga damit ng bagong buhay,” at paano mo “isusuot” ang mga ito araw-araw?

2. Ano ang “mga basahan ng lumang buhay,” at anong ibig sabihin kung isinusuot ang mga ito araw-araw?

3. Ipaliwanag ano ang ibig sabihin na di dapat marumi ang iyong mga salita, kundi dapat ang mga ito ay puno ng mga salitang may biyaya at nakakatulong sa paglago ng mga nakakarinig.

4. Ano ang ibig sabihin at paano mo magagamit kung ano ang ibig sabihin ng “lumakad ng may pag-iingat” araw-araw?

5. Paano mo magagamit ang nais ni Pablo sa liham na ito na dapat alalahanin ng mga taga Efeso?

6. Paano mo magagamit ang nais na mga kalutasan ni Pablo sa liham na ito?

7. Paano mo magagamit ang isinulat ni Pablo sa iglesiang ito kung saan sinasabi niya (sa 1:4) na sila ay pinili sa Kanya bago pa likhain ang mundo?

Makalangit na Tuntunin sa Relasyon

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 60

Layunin: Upang maunawaan paano maisapamuhay ang praktikal na payo ni Pablo sa buhay Kristiyano sa pag-aasawa, tahanan, at iba pang mga relasyon.

Pasakop kayo sa isa't isa bilang tanda ng inyong paggalang kay Cristo. Mga babae, pasakop kayo sa sari-sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Cristo na siyang ulo ng iglesya, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Cristo ang iglesya, gayundin naman, ang mga babae ay dapat pasakop nang lubusan sa kanilang asawa. Mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa na gaya ng pagmamahal ni Cristo sa iglesya. Inihandog niya ang kanyang buhay para sa iglesya upang ialay ito sa Diyos, matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang ang iglesya ay maiharap niya sa kanyang sarili bilang isang maluwalhating iglesya na walang anumang dungis ni kulubot man upang ito ay maging banal at walang kapintasan. Gayundin naman, dapat mahalin ng mga lalaki ang kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili.

—Mga Taga Efeso 5:21-28

Sa Mga Taga Efeso 5, sinulat ni Pablo na ang gawain ng ministeryo sa pamamagitan ng mga banal ay nagsisimula sa pinakamahirap na lugar—ang tahanan. Nagpapakita tayo ng ating pinaka mabuti sa mundo, ngunit karaniwan hindi katanggap-tanggap ang ating pinapakita sa ating pamilya. Nagbigay si Pablo ng napakagandang payo sa pag-aasawa. *Mga babae, pasakop kayo sa sari-sarili ninyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon.* Ang pinakamalaking problema sa mag-asawa ay ang babae ay hindi makapagpasakop o ayaw magpasakop sa asawang lalaki; ang mga kalalakihan naman ay hindi umaako ng kanilang responsibilidad na mahalin, magbigay, at maging Cristo sa kanilang mga asawa at mga anak. Lahat ng kalalakihan ay dapat maunawaan ang responsibilidad na ito at gawin ito.

Noong ginawa ng Diyos ang pag-aasawa, ginawa Niya ang relasyong ito ng dalawang tao na maging isa sa espiritu, isa sa kaisipan, at isa sa pisikal na pagkakaisa. Maisasalarawan natin ang espesyal na relasyong ito kung iisipin natin na sila’y pinagsama sa pamamagitan ng tanikala na mayroong anim na dugtong. Ang mga dugtong na ito ay ang mga espirituwal na dimensyon sa bawat isa, ang pundasyon ng pagiging isa; komunikasyon, ang gamit na tumutulong sa atin upang mapanatili ang pagiging isa; pagkakabagay, ang ebidensiya ng pagiging isa; agape love, ang kapangyarihan ng pagiging isa; pang-unawa, ang paglago ng pagiging isa; at pisikal na pagkakaisa, ang masayang pagpapahayag ng pagiging isa.

Tinalakay din ni Pablo ang ibang mga relasyon, tulad ng alipin at amo, empleyado at employer, mga anak at mga magulang. Ang paggamit ng mga katotohanang ito ay nagsisimula sa isang tao

o mga taong malapit sa iyo. Maaari nating tawagin ang bahaging ito na isinulat ni Pablo na “Damit ng mga Relasyon.” Dapat nating isuot ang bagong damit na siyang bagong buhay kay Cristo.

Isinulat ni Pablo na ang mabuti at masama ay parehong umiiral sa mundo ng espiritu. Ang tanging paraan lang na magiging matagumpay ang buhay natin sa espirituwal na mundo ay magwagi laban sa mga espirituwal na kapangyarihan. Sinasabi niya sa atin na kailangan nating isuot ang sandata ng mandirigma na galing sa Diyos. (6:13-17) Binalangkas niya kung paano tayo maninindigan para sa Panginoon sa gitna ng makasalanang mundo. Kailangan nating lumaban, hindi sa ating sariling lakas, kundi sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

1. Tama o Mali? Madaling ipakita ang ating pananampalataya sa tahanan dahil kasama natin ang ating mga minamahal sa buhay.

2. Tama o Mali? Sinabi ni Pablo na imposible na mabuhay na walang hanggan hangga’t hindi tayo namamatay.

3. Tama o Mali? Ang payo ni Pablo na magpasakop tayo sa isat-isa ay madaling gawin.

4. Tama o Mali? Ang pinaka-problema sa mag-asawang Kristiyano ay ang hindi pag-ako ng responsibilidad ng mga kalalakihan na magmahal, magbigay, at maging tulad ni Cristo sa kanilang mga asawa at mga anak.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ang ibig sabihin ng pagiging isa sa mag-asawa ay ang dalawang tao ay magiging isa sa mga sumusunod na paraan? *(piliin lahat ng akma)*

   Sa espiritu
   Sa pisikal na pagkakaisa
   Sa isip
   Sa mga tungkulin
   Sa personalidad
   Sa responsibilidad

6. Paano mo maisasalarawan ang halaga ng espirituwal na relasyon ng mag-asawa? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Magiging maayos ito kahit ang isa ay hindi Kristiyano.
   b. Ito ang pundasyon ng pagiging isa sa pag-aasawa.
   c. Ito ay matatag lamang kung ang bawat isa ay may relasyon kay Cristo.
   d. Ito ay lumalakas habang ang bawat isa ay lumalago kay Cristo.

7. Aling dugtong ang gamit na makakatulong upang mapanatili ang pagiging isa?
   a. Komunikasyon
   b. Compassion
   c. Pagkakatugma
   d. Pisikal

8. Ang katibayan ng pagiging isa at pagkakabagay ay makikita sa maraming mga antas. Inilarawan ni Pablo ang *agape* love sa 1 Mga Taga Corinto13. Bakit ang *agape* love ay isang dugtong sa pagiging isa? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Hindi makasarili na mga Kristiyano
   b. Ang *agape* ay walang kundisyon na pag-ibig.
   c. Ang *agape* ay nakatuon kay Cristo at sa iba imbis na nakatuon sa sarili.
   d. Ang *agape* ay walang kasiraan at hindi mapipigilan.

9. Ang pagkakaunawaan ay mahalaga sa pagiging isa sa mag-asawa. Bakit? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Ang bawat kapareha ay kailangang malaman kung ano ang nararamdaman, iniisip, at ginagawa ng bawat isa.
   b. Ang lubos na pagkilala sa iyong asawa ay hindi sapat.
   c. Nagpapakita na ang bawat isa ay lumalago sa pagiging isa.
   d. Imposibleng maunawaan ang bawat isa, dahil dito hindi na kailangang gawin ito.

10. Maaari nating gamitin ang mga katotohanang ito sa mga taong malapit sa atin. Anong iba pang mga relasyon na maaari nating gamitin ang mga prinsipyong ito? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mga empleyado at employers
    b. Mga anak at mga magulang
    c. Mga kamag-anak at kapitbahay

d. Lahat ng nasa itaas

11. Ano ang kapahayagan ng kagalakan sa pagiging isa sa malusog na pag-aasawa?
    a. Pagpapasakop ng asawang babae
    b. Relasyon na sekswal
    c. Hindi na kailangang magpahayag
    d. Lubos na pang-unawa

Basahin ang Mga Taga Efeso 6:10-17. Sa ating pakikipaglaban sa espirituwal na labanan, maaari lamang tayong magwagi kung isusuot natin ang sandatang mandirigma sa espiritu. Ilista ang ibat-ibang mga piraso ng sandatang mandirigma na ibinigay ng Diyos sa ibaba.

_____

_____

_____

Isinusuot mo ba ang sandatang mandirigma araw-araw o sinisikap mong makipaglaban sa espirituwal sa sarili mong lakas? Ano ang mga ibang paraan upang paalalahanan mo ang iyong sarili na isuot ang Kanyang sandatang mandirigma tuwing umaga?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa iyong pamilya. Pasalamatan Siya sa ginawa niyang napakagandang relasyon ng mag-asawa. Kung ikaw ay may asawa, hingin sa Diyos na tulungan ka na sumunod sa Kanyang disenyong tungkulin bilang isang asawang lalaki o asawang babae. Hingin sa Kanya na tulungan ka na ipamuhay ang iyong pananampalataya una muna sa mga taong malalapit sa iyo. Hingin na paalalahanan ka na isuot ang sandatang mandirigma ng Diyos araw-araw.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa paanong paraan ang alituntunin ni Pablo sa 4:12, “pagsasanay sa mga banal (mananampalataya) para sa gawain ng ministeryo,” ay job description ng bawat pastor?

2. Paano mo magagamit ang katuruan sa magandang liham na ito ni Pablo sa mga taong malalapit sa atin—ating mga asawa, mga magulang, mga anak, mga ka-trabaho, ang mga nagta-trabaho para sa atin?

3. Ano ang mga mahahalagang dugtong sa bawat mag-asawa, anong dimensyon ng pagiging isa ang kumakatawan sa mga ito, at paano natin magagamit ang mga ito sa ating buhay may asawa?

4. Paano magagamit ang katuruan ni Pablo na, galing sa talinghaga ng iglesia at si Cristo, ang asawang babae ay ang iglesia at ang asawang lalaki ay kumakatawan kay Cristo?

5. Paano magagamit ng mga asawang lalaki ang katuruan na tayo ay magpasakop sa bawat isa sa Panginoon, gaya ng sinabi ni Pablo <u>sa una pa</u> sinabi na niya ang mga asawang babae ay dapat magpasakop sa kanilang mga asawang lalaki sa lahat ng bagay?

6. Paano natin magagamit ang katuruan sa kabanatang 6 ng Mga Taga Efeso na tayo ay nasa gitna ng espirituwal na pakikipaglaban at kailangan nating isuot ang bawat piraso ng sandatang mandirigma na inilarawan ni Pablo? Ilarawan at gamitin ang bawat piraso ng sandatang mandirigma na ipinaliwanag ni Pablo.

7. Paano mo magagamit ang tagubilin ni Pablo na ang bawat piraso ng sandatang mandirigma ay kailangang isuot na may panalangin?

Pakiki-isa sa Ebanghelyo

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 61

Layunin: Upang ipakilala ang liham ni Pablo sa mga taga Filipos at maunawaan ang konsepto ng pakikiisa sa Ebanghelyo.

Nagpapasalamat ako sa aking Diyos tuwing naaalala ko kayo. Tuwing ipinapanalangin ko kayong lahat, ako'y laging nagagalak dahil sa inyong pakikiisa sa pagpapalaganap ng Magandang Balita tungkol kay Cristo, mula nang ito'y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan. Natitiyak kong ang mabuting gawang pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo. Minamahal ko kayo, kaya dapat lang na pahalagahan ko kayo nang ganito at dahil magkasama tayong tumanggap ng pagpapala ng Diyos, noon pa man nang ako'y malayang nagtatanggol at nagpapalaganap ng Magandang Balita at kahit ngayong ako'y nakabilanggo. Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyong lahat ay kagaya ng pagmamahal sa inyo ni Jesu-Cristo.

—Mga Taga Filipos 1:3-8

Sapagkat para sa akin, si Cristo ang aking buhay at kahit kamatayan ay pakinabang.

—Mga Taga Filipos 1:21

Nagtayo ng iglesia si Pablo sa Filipos pagkatapos niyang makatanggap ng makalangit na pangitain sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. (Mga Gawa 16) Ang pagmamahal ni Pablo sa mga taga Filipos ay makikita sa kanyang liham sa kanila; para itong love letter. Tinatawag niya ang matalik nilang pagsasamahan na “pakikiisa sa ebanghelyo.” Ang iglesiang ito ay isang modelong iglesia dahil ito ay misyonaryong iglesia. Ang mga tao ay lumago kay Crisot at inaabot nila ang kanilang komunidad ng Ebanghelyo.

Pinasalamatan ni Pablo ang iglesia sa Filipos sa pagsuporta sa kanya sa pananalapi upang huwag na siyang magtrabaho para kumita para maituon niya ang kanyang panahon sa ministeryo. Pinasalamatan din niya sa kanilang kaloob habang siya ay nasa bilangguan.

Sa kabanata 1, sinulat ni Pablo ang pilosopiya sa buhay Kristiyano. Ang salitang pilosopiya ay nangangahulugan ng pananaw sa mga bagay o buhay. Ang pilosopiya ni Pablo sa buhay ay base sa salitang kagamit-gamit—ito ay handa siyang mag-sakripisyo para kay Cristo. Hindi niya tiyak kung malalampasan niya ang pagkabilanggo, ngunit nais niyang bigyang luwalhati si Cristo habang siya ay nabubuhay. At kung mamatay siya, ito ay mas maigi, dahil makakapiling na niya si Cristo.

Sinulat din ni Pablo ang tungkol sa pagkahilig sa buhay Kristiyano. Siya ay natuwa na ang iba ay ikinalat ang mabuting balita. Pinalakas niya ang loob ng mga taga Filipos na mabuhay upang ang

mga tao sa paligid nila ay makita ang kanilang pananampalataya sa Ebanghelyo. Mahal niya ang mga taga Filipos at inudyukan sila na maging kaisa sa Ebanghelyo.

1. Tama o Mali? Ang liham ni Pablo sa mga taga Filipos ay nagpapakita ng matalik na pagsasamahan nila.

2. Tama o Mali? Nagtayo si Pablo ng iglesia sa Filipos dahil sa isang taong taga Asia na humingi ng tulong sa kanya.

3. Tama o Mali? Ang layunin ng Iglesia ay abutin ang mga hindi mananampalataya.

4. Tama o Mali? Sinuportahan si Pablo ng iglesia sa Efeso sa pananalapi habang siya ay nagmiministeryo sa mga taga Filipos.

5. Tama o Mali? Ang Mga Taga Filipos ay isa sa mga liham na isinulat ni Pablo mula sa bilangguan.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano pang mga ibang liham ang isinulat ni Pablo mula sa bilangguan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mga Taga Roma
    b. Mga Taga Efeso
    c. Mga Taga Colosas
    d. 2 Timoteo

7. Bakit ibinilang ni Pablo ang iglesia sa Filipos bilang isang modelong iglesia?
    a. Ang mga miyembro nito ay hindi nagkasala.
    b. Ito ay misyonaryong iglesia.
    c. Ito lamang ang iglesiang kanyang itinayo.

d. Wala itong seryosong problema.

8. Ano ang pagkakaiba ng liham na ito sa ibang mga liham ni Pablo?
    a. Maikli ito.
    b. Isinulat niya ito mismo ng kanyang kamay.
    c. Dinala niya ito mismo sa kanila.
    d. Ipinahayag niya ang kanyang espesyal na pagmamahal sa kanila sa sulat na ito.

9. Ang ibang mga tao ay ikinakalat ang Ebanghelyo habang si Pablo ay nasa bilangguan. Ano ang naramdaman ni Pablo tungkol dito.?
    a. Siya ay masaya sa pagkalat ng Ebanghelyo.
    b. Sinabi niya sa mga taga Filipos na pigilin sila sapagkat mayroon silang masasamang motibo.
    c. Nagalit siya sapagkat ang mga ordinaryong tao ay hindi dapat gumawa sa ministeryo.
    d. Nagselos siya sa kanilang tagumpay samantalang nasa kulungan siya.

10. Ano ang kamangha-manghang pagkahumaling ni Pablo?
    a. Ang ipangaral ang ebanghelyo.
    b. Palaguin ang Iglesia sa Filipos.
    c. Makalaya sa kulungan.
    d. Turuan ang mga pastor paano harapin ang mga bulaang taga-pagturo.

11. Anong ibig sabihin ng “pakiisa sa Ebanghelyo?” *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ito ay larawan ng isang tunay na Iglesia.
    b. Nabubuhay ang Iglesia upang ibahagi ang Ebanghelyo sa mundo.
    c. Ang bawat Kristiyano sa iglesia ay nabubuhay sa pananampalataya upang maniwala ang mundo sa Ebanghelyo.
    d. Ito ay regular na pagtitipon ng iglesia upang kumain at magkakilala ang bawat isa ng mabuti.

Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa sinabi niyang, “Ang mabuhay ay kay Cristo. Ang mamatay ay pakinabang?” *(Mga Taga Filipos 1:21)* Gayun din ba ang iyong iniisip?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa katapatan ni Pablo kay Cristo sa kabila nang siya ay nasa kulungan ay sumulat pa rin siya ng mga liham. Hingin na tulungan ka na maisagawa sa iyong iglesia ang natutunan mo tungkol sa pakikiisa sa Ebanghelyo. Hingin sa Diyos na tulungan kang mabuhay upang sa gayon ang mga hindi naniniwala sa paligid mo ay maniwala sa Ebanghelyo. Hingin na tulungan kang magbigay ng luwalhati kay Cristo lagi at masayang maghihintay na makasama Siya sa langit balang araw.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ilang beses binanggit ni Pablo ang ebanghelyo sa unang kabanata ng Mga Taga Filipos, at paano natin masasabi na ito ay nagpapakita sa atin sa tinatawag nating "Ang Pasyon at Pilosopiya ng maka-Cristong pamumuhay?"

2. Ipaliwanag at gamitin ang sinasabi ni Pablo sa talatang 27 kabanatang 1 na "Ang Pakikiisa sa Ebanghelyo."

3. Paano mo magagamit sa iyong iglesia ang modelong iglesia na sinasabi ni Pablo o ang sinasabi niyang pakikiisa sa Ebanghelyo?

4. Ipaliwanag at gamitin kung ano ang ibig sabihin ni Pablo sa sinulat niya, "Para sa akin, ang mabuhay ay kay Cristo at ang mamatay ay pakinabang." *(talatang 21)*

5. Ilarawan at gamitin sa iyong muling kapanganakan ang kahulugan ng mga salita ni Pablo sa sinulat niya (sa 1:6) natitiyak niyang ang mabuting gawa na pinasimulan sa kanila ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa araw ng pagbabalik ni Jesu-Cristo. *(Isaalang-alang din ang Pinanggalingan ng kanyang kumpiyansa sa 2:13)*

6. Ilarawan at gamitin sa iyong sariling pilosopiya sa buhay at kamatayan ang sinasabi ni Pablo sa kabanatang 1:22-26, tungkol sa pagnanais niyang mamatay at makasama si Cristo, na iniisip niya na mas mabuti, ngunit ang pagnanasa niyang manatiling buhay ay mas mabunga sa paglaganap ng pananampalataya ng mga ito.

7. Paano mo magagamit sa iyong sariling paghihirap ang talatang 29 kanatang 1, kung saan maliwanag na sinabi ni Pablo na hindi lamang pinagkaloob sa kanila ang manalig kundi magtiis din naman alang-alang kay Cristo?

Huwaran ng Buhay Kristiyano

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 62

Layunin: Upang matuto mula sa halimbawa paano mabuhay para kay Cristo.

Kaya nga, sapagkat mayroong kasiglahan ang buhay kay Cristo, mayroong kaaliwan ng pag-ibig, mayroong pakikiisa ng Espiritu Santo, at mayroong kagandahang-loob at malasakit para sa isa't isa, lubusin ninyo ang aking kagalakan; magkaroon kayo ng iisang kaisipan, mabuklod kayo sa iisang pag-ibig, at magkaisa kayo sa puso't diwa. Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa paghahangad ninyong maging tanyag; sa halip, bilang tanda ng pagpapakumbaba, iturin ninyong higit ang iba kaysa inyong mga sarili. Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili. Nawa'y magkaroon kayo ng kaisipan na tulad ng kay Cristo Jesus. Kahit siya'y likas at tunay na Diyos, hindi niya ipinagpilitang manatiling kapantay ng Diyos. Sa halip, kusa niyang hinubad ang pagiging kapantay ng Diyos, at naging katulad ng isang alipin. Ipinanganak siyang tulad ng mga karaniwang tao. At nang si Cristo'y maging tao, nagpakumbabá siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ito man ay kamatayan sa krus. At dahil dito, siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at ibinigay sa kanya ang pangalang higit sa lahat ng pangalan. Sa gayon, sa pangalan ni Jesus ay luluhod at magpupuri ang lahat ng nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa. At para sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama, ang lahat ay magpapahayag na si Jesu-Cristo ang Panginoon.

—Mga Taga Filipos 2:1-11

Ang tema ng Mga Taga Filipos ay buhay Kristiyano. May matalik na pagsasamahan si Pablo at ang iglesia sa Filipos. Ang iglesiang ito ay tumulong sa kanya upang ipalaganap ang Ebanghelyo ni Cristo sa mga Hentil. Sa Mga Taga Filipos 2:3, sinabihan ni Pablo ang mga mananampalataya na maging mababa ang kalooban o mapagkumbaba. Inuudyukan tayo na maging mapagmahal, na ibig sabihin ay iniisip ang kapakanan ng iba bago ang sa atin. Binigyang diin din niya na maging katulad natin siya sa pag-iisip, ibig sabihin ay magkaroon ng pag-iisip tulad ni ni Cristo. Sumunod ay nagbanggit si Pablo nang iilang mga halimbawa ng buhay Kristiyano, na nagsisimula kay Cristo na siyang ganap na halimbawa. Pagkatapos ay sumulat siya patungkol sa kanyang sarili, kay Timoteo, at Epaphroditus.

Sa kabanatang 3, inilarawan ni Pablo ang layunin at gantimpala sa pamumuhay kay Cristo. Ang sarili niyang layunin ay gawin ang gawaing itinawag sa kanya ni Jesu-Cristo. Mayroong layunin si Jesus sa bawat Kristiyano. Ang gantimpala na sinasabi ni Pablo ay ang tinatawag na mataas na pagkatawag ng Diyos kay Cristo Jesus, o ang kalooban ng Diyos. “Magpatuloy hanggang sa hangganan,” udyok ni Pablo. Kalimutan ang nakaraan at magpatuloy hanggang sa hangganan na nakikita mo ang kalooban ng Diyos ngayon.

1. Tama o Mali? Ang pilosopiya sa buhay ni Epaphroditus ay Kristiyanong pilosopiya katulad ni Pablo: ang mabuhay ay kay Cristo at ang mamatay ay pakinabang.

2. Tama o Mali? Inudyukan ni Pablo ang mga taga Filipos na gawin siyang karapat-dapat na halimbawa na dapat sundin.

3. Tama o Mali? Kapag mababa ang kalooban, mapagmahal, at parehong isip, ang salungatan sa Iglesia ay mawawala.

4. Tama o Mali? Sinabi ni Pablo na si Timoteo ang pinaka-mabuting halimbawa sa buhay Kristiyano.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit hinikayat ni Pablo ang mga taga Filipos na tumingin sila sa kanya bilang halimbawa ng maka-diyos na pamumuhay? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nais niyang makita nila kung ano ang isang maka-diyos na pamumuhay.
    b. Ipinagyayabang niya ang kanyang buhay.
    c. Pinagmamalaki niya ang mga nagawa niya bilang isang misyonero.
    d. Ipinamuhay niya ang kanyang itinuro at ipinangaral.

6. Ang kabanatang dalawa ay nagbibigay ng pangkalahatang panuntunan sa buhay Kristiyano. Ano ang pinagbawal ni Pablo sa mga iglesia sa Filipos na hindi nila dapat gawin?
    a. Mapagkumbaba
    b. Mapagmahal
    c. Magkaisa
    d. Mapagmalaki

7. Bakit itinuring ni Pablo si Timoteo bilang isang mabuting halimbawa? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mayroon siyang totoong pagmamalasakit sa kapakanan ng mga taga Filipos.
    b. Siya ay mabuting sundalo ng Panginoon.
    c. Pinatunayan niya ang kanyang sarili sa gawain ng Ebanghelyo.
    d. Para siyang anak ni Pablo.

8. Ano ang mga katangian ni Epaphroditus na nagsasabing siya ay mabuting halimbawa? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Siya ay na kay Cristo.
    b. Magaling siyang ebanghelista.
    c. Siya ay kamanggagawa ni Pablo.
    d. Handa niyang ilagay ang kanyang sarili sa panganib para kay Cristo.

9. Ano ang ibinibilang ni Pablo bilang gantimpala?
    a. Pagkilala sa mga sinulat niyang mga liham sa mga mananampalataya saan man dako.
    b. Pagpapakita sa mga Hudyo paano mabuhay tulad ng mga Kristiyano.
    c. Ang kalooban ng Diyos sa kanyang buhay.
    d. Mabuting patotoo sa mga hindi mananampalataya.

10. Bakit ang mga Kristiyano ay may salungatan sa bawat isa? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pag-ibig
    b. Pagmamalaki
    c. Kahinahunan
    d. Pagka-makasarili

Bakit si Cristo ang pinaka mabuting halimbawa?

_____

_____

_____

Alam mo ba ang layunin ng Diyos sa iyong buhay? Sabi sa kabanatang 3 mayroong plano si Jesus sa iyong buhay ngayon, hindi lang sa walang hanggan. Isulat mo ang pinaniniwalaan mong layunin ng Diyos sa iyong buhay o ang mataas na tawag sa iyong buhay. Kung hindi mo alam, magbigay ng panahon sa panalangin upang hingin sa Diyos na ipakita sa iyo.

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa maka-Diyos na halimbawa upang mabuhay para kay Cristo. Hingin na tulungan kang ilagay sa buhay ang mga natutunan mo tungkol sa buhay na nakay Cristo at tulungan kang maging mabuting halimbawa sa iba. Hingin sa Diyos na tulungan ka at ang iyong iglesia na maging mababa ang kalooban, maging mapagmahal, at magkaroon ng tulad na pag-iisip. Purihin Siya sa paglalagay ng layunin sa iyong buhay. Hingin na bigyan ka ng pagnanasa at lakas na mabuhay patungo sa gantimpala at layunin.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo maisasalarawan at magagamit sa iyong buhay at ministeryo ang iba-ibang antas sa pakikisama: kapatid, kamanggagawa, kapwa sundalo, mensahero, at ministeryo?

2. Paano mo maisasalarawan at magagamit ang halimbawa ni Cristo na isinalarawan ni Pablo *(sa 2:5-11)* sa iyong buhay at ministeryo bilang tunay na tagasunod ni Jesu-Cristo?

3. Sa parehong paraan, paano mo maisasalarawan at magagamit ang halimbawa ni Pablo sa buhay mo at sa ministeryo?

4. Paano mo magagamit ang halimbawa ni Timoteo sa iyong buhay at ministeryo?

5. Paano mo magagamit ang halimbawa ng matandang tao, na si Epaphroditus, sa iyong buhay at ministeryo?

6. Ano ang panuntunan ni Pablo sa paghahanap ng kalooban ng Diyos sa kanyang buhay?

7. Sa Mga Taga Filipos kabanatang 3, ipinakita ni Pablo ang pagiging tapat sa pangako na tuparin ang layunin ng kanyang kaligtasan. Ipaliwanag ano ang iyong kamalayan at gaano ka katapat sa pangkasalukuyang layunin ng iyong kaligtasan.

Tuntunin ng Kapayapaan

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 63

Layunin: Upang maunawaan ang kundisyon ng kapayapaan ng Diyos.

Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang kapayapaan ng Diyos na hindi kayang maunawaan ng tao ang siyang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus. Bilang pagtatapos, mga kapatid, dapat maging laman ng inyong isip ang mga bagay na karapat-dapat at kapuri-puri: mga bagay na totoo, marangal, matuwid, malinis, kaibig-ibig, at kagalang-galang.

—Mga Taga Filipos 4:6-8

Binibigyan mo ng lubos na kapayapaan ang mga may matatag na paninindigan at sa iyo'y nagtitiwala.

—Isaias 26:3

Nagbigay ng praktikal na payo si Pablo sa Mga Taga Filipos 4—ang tuntunin niya sa buhay Kristiyano—na nakasentro sa kapayapaan. Ang sinasabi ni Pablo ay ang kapayapaan ng Diyos, isang katayuan ng kapayapaan kung saan ang Diyos ay kaya tayong panatiliin kung matutupad natin ang kundisyon na Kanyang ibinigay. Nagbigay ng labing dalawang kundisyon sa atin si Pablo upang maranasan natin ang kapayapaan ng Diyos sa ating buhay.

Una, huwag mag-alala sa anumang bagay. Sa kabila ng nasa kulungan si Pablo, pinapayuhan pa rin tayo na huwag mag-alala. **Pangalawa**, manalangin sa lahat ng bagay. **Pangatlo**, mag-isip ng mga mababuting bagay. Kontrolin mo ang saloobin mo imbis na ito ang magkontrol sa iyo. **Pang-apat**, Inudyukan ni Pablo ang mga taga Filipos na isagawa ang mga bagay na natutunan nila sa kanya. Sinabi niya na gawin ang nalalaman nila at pinaniniwalaang tama.

Ang **pang-limang** kundisyon para sa kapayapaan ng Diyos ay, huwag mag-alinlangan sa halaga ng ginawa mong mabuti. Maaaring hindi tayo mabibigyan ng gantimpala sa ating mababuting gawa dito sa lupa ngunit siguradong tayo ay mabibigyan sa langit. **Pang-anim**, maging mapag-pasalamat. Mayroong pagkakataong mamimili si Pablo, malungkot sa mga bagay na wala siya o magpasalamat sa Diyos sa mga bagay na mayroon siya, tulad ng pakikipagugnay kay Cristo. Puwede rin nating piliin yun. **Pang-pito**, maging mahinahon. Ang pagtanggap sa mga pangyayari sa buhay natin bilang kalooban ng Diyos ay nagdadala ng kapayapaan imbis na labanan ang mga ito.

Ang **ika-walong** kundisyon sa kapayapaan ng Diyos ay maging matiyaga. Kailangan nating matutong maghintay sa Panginoon. Ang **pang-siyam**, alalahanin ang pagiging malapit ng Panginoon. Laging nakatayo sa tabi natin ang Panginoon, kahit na iwanan tayo ng iba.

Ika-sampu, hanapin ang iyong kagalagakan sa kaalaman kay Cristo at lumago na kasama Siya. **Pang-labing isa**, pahalagahan ang pag-apruba ng Diyos higit sa iba. **Pang-labing dalawa,** ipahinga ang iyong puso at kaisipan kay Cristo, dahil alam mo na magagawa Niya ang hindi mo magagawa.

1. Tama o Mali? Dumating si Jesus upang magdala ng kapayapaan sa mundo at kaligtasan natin.

2. Tama o Mali? Sa Lucas 2, noong ipinanganak si Jesus, ang mga anghel ay nangako ng kapayapaan sa buong sangkatauhan.

3. Tama o Mali? Ang kapayapaan ng Diyos ay nangangailangan ng iilang mga gawa mula sa mga mananampalataya.

4. Tama o Mali? Ipinapangako ng Isaias 26:3 ang kapayapaan ng Diyos sa lahat.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit sa tingin mo ay sinulat ni Pablo na huwag tayong mag-alala? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Inaalis ng pag-aalala ang ating pokus sa Diyos.
    b. Ninanakaw ng pag-aalala ang ating kapayapaan sa Diyos.
    c. Mababago ng pagaalala ang mga pangyayari.
    d. Sinabi ni Jesus na huwag tayong mag-alala.

6. Bakit dapat tayong manalangin imbis na mag-alala?
    a. Inutos ng Diyos na manalangin tayo.
    b. Pinapaalala ng panalangin na ang Diyos ay may kontrol.
    c. Maaring hingin sa Diyos ang biyaya upang makaya at maluwalhati natin Siya sa mga nangyayari.
    d. Lahat ng nasa itaas.

7. Bakit ang maging mapagpasalamat ay mahalaga? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Binibigyan tayo ng pagkakataon na magmalaki sa iba.
    b. Tinutulungan tayong alisin ang ating kaisipan sa mga negatibo at ilagay ito sa positibo.
    c. Nagpapa-alala ng katapatan ng Diyos sa atin.
    d. Nagpapa-alala kung ano ang wala tayo.

8. Ano ang mga bagay na maaari kang magpasalamat kahit na sa mahirap na pangyayari? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang pag-ibig ng Diyos at sa binigay niyang kaligtasan
    b. Ang pagpapala at katapatan ng Diyos
    c. Ang pangako ng Panginoon na hindi tayo iiwan
    d. Lahat ng nasa itaas

9. Paano tayo tinutulungan ng ating kaisipan na magkaroon ng kapayapaan ng Diyos? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Maari tayong magisip ng mabubuting mga bagay.
    b. Maari tayong magisip tungkol kay Jesus.
    c. Maari nating alalahanin ang katapatan ng Diyos sa atin sa nakaraan.
    d. Maari tayong magpokus kung paano natin mapapalitan ang mga pangyayari.

10. Lagi tayong natutuksong gawin ang madali imbis na ang tama. Bakit ang paggawa ng tama ay nagdadala sa atin sa kapayapaan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang paggawa ng madali ay nakakabuti sa buhay.
    b. Ang paggawa ng tama ay nagpapalapit sa atin sa Kanya.
    c. Ang paggawa ng tama ay nagpapalago sa ating pananampalataya habang nagtitiwala tayo sa Kanya na alagaan tayo.
    d. Ang paggawa ng tama ay nagbibigay ng karangalan sa Diyos.

Basahing muli ang Mga Taga Filipos 4:6-8. Isulat ang mga bagay na nagbibigay sa iyo ng alalahanin. Ipanalangin ang bawat isa ngayon, at hingin na punuin ng Diyos ng kapayapaan ang iyong buhay. Hingin ang patawad sa Kanya sa di mo pagtitiwala sa Kanya at pag-aalala. Hingin na tulungan kang maglagay ng iyong isip sa Kanya at tulungan ka na magtiwala sa kanya. *(Isaias 26:3)*

_____

_____

_____

Bakit dapat tayong magalak sa Panginoon? Bakit dapat manggaling muna sa pagkilala kay Cristo ang ating katuwaan? Saan nakasalalay ang iyong katuwaan?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kaloob niyang kapayapaan. Hingin ang Kanyang kapatawaran sa iyong pag-aalala. Hingin na tulungan kang ilagay ang iyong isip na naka pokus sa Kanya at tulungan kang magtiwala sa Kanya. *(Isaias 26:3)* Pasalamatan Siya sa lahat ng ibinigay Niya sa iyo. Hingin na tulungan kang isapamuhay ang mga kundisyon para sa kapayapaan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Dahil sa ang "kapayapaan ng Diyos" ay isang estado kung saan maiingatan tayo ng Diyos na tuloy-tuloy at ito ay may kundisyon, paano mo magagamit ang bawat isang kundisyon para sa kapayapaan, na maaaring tawaging "Isang Reseta Para sa Kapayapaan," na itinuro ni Pablo sa dakilang kabanatang ito?

2. Ipaliwanag kung alin sa mga kundisyon na ito ang pinakamahirap para sa iyo na tuparin.

3. Sa parehong paraan, alin sa mga kundisyon na ito ang nagdala sa iyo sa pinaka mabungang karanasan ng kapayapaan ng Diyos, nung matupad mo ang kundisyon na iyon?

4. Ano kaya ang magiging resulta kung isinaulo mo ang 12 kundisyon na ito at ipinalangin mo ang mga ito tuwing gabi bago matulog?

5. Ipaliwanag kung ano ang iyong iniisip na ang pagmumuni-muni sa walong positibong mga bagay na binanggit ni Pablo *(sa talatang 8)* ay magdaragdag sa iyong personal na estado ng kapayapaan ng Diyos.

6. Paano ka makakaugnay sa karanasang ito ng kapayapaan ng Diyos na inilarawan ni Propeta Isaias sa Isaias 26:3?

7. Hinahamon kita na isaulo at ipamuhay ang 12 kundisyon sa kapayapaan sa loob ng isang buwan at tingnan kung ano maidaragdag nito sa iyong personal na karanasan sa kapayapaan na inilarawan bilang “kapayapaan ng Diyos.” Ano ang mga iilang paraan na iniisip mo na magbabago sa iyong buhay bilang resulta nito.

Unahin si Cristo

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 64

Layunin: Upang maunawaan ang background at nilalaman ng Mga Taga Colosas.

Si Cristo ang larawan ng Diyos na di-nakikita. Siya ang panganay na anak at pangunahin sa lahat ng mga nilikha. Sapagkat sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng nasa langit at nasa lupa, nakikita man o hindi, pati ang mga espirituwal na kapangyarihan, paghahari, pamamahala, at pamumuno. Ang lahat ay nilikha ng Diyos sa pamamagitan niya at para sa kanya. Siya ang una sa lahat, at ang buong sansinukob ay nananatiling nasa kaayusan sa pamamagitan niya. Siya ang ulo ng iglesya na kanyang katawan. Siya ang pasimula, siya ang panganay na anak, ang unang binuhay mula sa mga patay, upang siya'y maging pangunahin sa lahat.

—Mga Taga Colosas 1:15-18

Ang iglesia sa Colosas ay satellite church ng iglesia sa Efeso. Hindi binisita ni Pablo ang iglesiang ito, ngunit kilala niya ang ibang mga tao doon, kasama na dito si Epaphras, ang pastor. Maaaring naturuan ni Pablo si Epaphras sa kanyang seminaryo sa Efeso, at pagkatapos humingi ng tulong ang batang pastor ay kay Pablo kung paano harapin ang mga isyu sa kanyang iglesia.

Ang tema ng sulat ay ang Cristo ng Iglesia. Nakapokus ito kay Jesu-Cristo bilang ulo ng Iglesia. Idinidiin nito ang pagka-Diyos at kasapatan ni Cristo. Tatlong problema ang hinarap ni Pablo: ang intelektuwal o pilosopiyang pag-atake sa pananampalataya; legalismo; at ang pagkahilig sa psychic phenomena.

Sa kabanatang 1, nagsimula si Pablo sa pagpapala, tulad ng ginawa niya sa ibang mga sulat. Nagpokus siya kung Sino si Cristo, itinanghal niya si Cristo sa paraan na masasagot ang mga intelektuwal na pag-atake. Sumulat din siya tungkol sa ginawa ni Cristo at paano manindigan sa ginawa ni Cristo para sa atin. Sa huling bahagi ng kabanata, pinahayag ni Pablo ang kanyang misyon: iproklama si Jesu-Cristo.

Sa kabanatang 2, nagsalita naman siya sa mga legalista sa pagsabing lahat ay nasa atin na kapag si Cristo ay nasa atin na. Wala na tayong dapat gawin para sa ating kaligtasan. Sa kabanatang 3, Sinabi ni Pablo sa mga taga Colosas paano mabuhay kay Cristo. Sa kabanatang 4, sinabihan niya ang mga nagbabasa ng sulat na manalangin. Ipinakita niya ang kahalagahan ng panalangin sa pamamagitan ng kanyang sariling halimbawa.

1. Tama o Mali? Sinulat ni Pablo ang liham na ito mula sa kulungan sa Roma.

2. Tama o Mali? Inulit lang sa Mga Taga Colosas ang Mga Taga Efeso.

3. Tama o Mali? Lahat ng mga bagay sa espirituwal na mundo ay galing sa Diyos o sa Banal na Espiritu.

4. Tama o Mali? Masyadong mapagkumbaba si Jesus, dahil dito hindi Niya hinihiling na unahin natin Siya sa ating buhay.

5. Tama o Mali? Ang mga liham sa Bagong Tipan ay tulad ng mga propeta sa Lumang Tipan dahil humaharap sila sa mga problemang humahadlang sa gawain ng Diyos hanggang ang mga ito ay maalis.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Si Pablo ay mandirigma sa panalangin. Sino ang kanyang ipinapanalangin?
    a. Ang may sakit
    b. Ang mahihirap
    c. Ang malulungkot
    d. Ang mga ipinanganak na muli

7. Noong nanalangin si Pablo para sa mga matatapat na mananampalataya sa kabanatang 1, ano ang ipinanalangin niya? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Na walang mangyaring masama sa kanila
    b. Na magkaroon sila ng kaalaman sa kalooban ng Diyos para sa kanilang buhay
    c. Na magkaroon sila ng karunungan at pangunawa mula sa Espiritu
    d. Na maging maunlad at malusog sila

8. Sa kabanatang 1, ano ang sinabi ni Pablo tungkol sa ating pag-asang kaluwalhatian?
    a. Maging matagumpay
    b. Maging tanyag
    c. Na nasa atin si Jesus
    d. Makarating sa langit

9. Sa huling bahagi ng kabanatang 1, ano ang sinabing misyon ni Pablo?
    a. Pangangaral kay Cristo at pagtuturo sa iba tungkol sa Kanya.
    b. Mag-aral pa tungkol sa maling katuruan
    c. Maging mahusay pa sa pagsasalita sa publiko
    d. Maging pinaka-mahusay gumawa ng tolda upang masuportahan niya ang kanyang sarili

10. Nagpokus si Pablo sa pagka-Diyos at pagiging pinakamataas ni Cristo. Alin sa mga sumusunod na problema ang kanyang pinabulaanan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Legalismo
    b. Pagsamba sa mga hayop
    c. Intelektuwal na pag-atake sa pagka-Diyos ni Jesus
    d. Pagkahilig sa mundo ng espiritu o psychic phenomenon

Sa Mga Taga Colosas 3:12, sinulat ni Pablo, *"Kaya nga, dahil kayo'y hinirang ng Diyos, minamahal niya at pinili para sa kanya, dapat kayong maging mahabagin, mabait, mapagpakumbabá, mahinahon, at mapagtiis."* Ano ang iyong sinusuot? Ano ang dapat mong alisin? Ano ang dapat mong isuot?

_____

_____

_____

Si Cristo ba ay naghahari bilang supremo sa iyong puso't isipan? Kung hindi, ano ang magagawa mo upang gawin siyang una sa iyong buhay?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa mga sulat ni Pablo na may tagubilin at pagpapalakas sa mga mananampalataya, na isinulat habang siya ay nasa bilangguan. Hingin sa Diyos na tulungan kang matutunan kung paano sumagot sa mga tanong tungkol sa iyong pananampalataya, at hingin na ingatan ang iyong pananampalataya sa mga atake. Pasalamatan ang Diyos dahil si Cristo ang supremo sa lahat. Hingin na tulungan kang magbigay ng kaluwalhatian sa Kanya sa lahat ng ginagawa mo at pasalamatan Siya dahil Siya ay nasa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo maiiugnay at magagamit sa iyong iglesia ang mga problemang nararanasan natin sa iglesia sa Colosas: ang mga nais hamunin ang pagka-Diyos ni Jesu-Cristo, ang mga nais dalhin ang legalismo sa loob ng iglesia, at mga taong inilagay ang kanilang sarili sa panganib ng mga negatibong puwersa sa espirituwal na mundo?

2. Paano mo magagamit ang katotohanan na ang pastor sa Colosas ay mayroong isang tulad ni Pablo na kanyang mapagsasabihan kapag may sobrang dami ng mga problema sa iglesia?

3. Gaya nang ating natutunan sa unang liham ni Pablo sa mga taga Corinto, ang dakilang apostol na ito ay may inspiradong kakayahan na gawing obra maestrang solusyon ang mga problema. Paano mo magagamit ang obra maestrang pahayag ni Pablo tungkol kay Jesu-Cristo kung sino Siya sa iyong iglesia na palaging hinahamon Kung Sino Siya? *(Mga Taga Colosas 1:15-18)*

4. Paano mo magagamit ang dakilang pahayag nitong apostol tungkol sa ginawa ni Jesu-Cristo? *(Isaalang-alang ang mga talatang 13-14 at 22-23 sa kabanatang 1)*

5. Paano mo magagamit ang kanyang pahayag sa 2:6-7 kung paano umugnay kay Jesu-Cristo?

6. Paano mo itututuro o magagamit sa mga legalista sa iyong iglesia ang katuruan ni Pablo sa 2:9-12 tungkol sa pagtutuli?

7. Tulad ng mga alagad na hiningi kay Jesus na turuan silang manalangin (sa Lucas 11), ano ang tinuturo ni Pablo sa atin tungkol sa panalangin sa kanyang halimbawa at sa kanyang panalangin na makikita sa kanyang liham, at sa kanyang liham sa mga taga Efeso?

Ang Pinagpalang Pag-asa

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 65

Layunin: Upang maunawaan ang background at nilalaman ng Mga Taga Tesalonica.

Sa araw na iyon kasabay ng malakas na utos, ng tinig ng arkanghel, at ng tunog ng trumpeta ng Diyos, bababâ ang Panginoon mula sa langit. Ang mga namatay na sumasampalataya kay Cristo ay bubuhayin muna. Pagkatapos, tayo namang mga buháy pa at natitira ay titipunin sa alapaap kasama ng mga binuhay upang salubungin ang Panginoon sa himpapawid. Sa gayon, makakapiling natin siya magpakailanman.

—Mga Taga Tesalonica 4:16-17

Ang tema ng 1 Mga Taga Tesalonica ay ang muling pagdating ni Cristo. Sa Mga Gawa 17, nakita natin ang simula ng iglesia. Itinayo ni Pablo ang iglesia sa Tesalonica sa loob ng tatlong linggo. Sa loob ng tatlong Sabado, nangaral ng Ebanghelyo si Pablo sa sinagoga, at iilang mga Hudyo at Griego at mga kababaihan ang naniwala. Ang ibang mga Hudyo ay nagselos at inusig si Pablo, kaya kailangang tumakas siya palabas sa lungsod.

Sa kabanatang 1, isinulat ni Pablo ang tatlong dakilang katangian na mayroon ang mga bagong mananampalataya: pag-asa, pananampalataya, at pag-ibig. Sinabi niya na ang kanilang gawain ay nagpapakita ng pananampalataya, ang kanilang mga gawa ay naudyukan ng pag-ibig, at ang kanilang pag-asa ang nagbigay sa kanilang pagtitiis (1:3). Sila ay nagsilbing halimbawa sa mga ibang nasa Greece. Sa kabanatang 2, pina-alalahanan sila ni Pablo sa kanyang pagmiministeryo sa kanila, upang ipakita na ang kanilang pag-unlad sa espirituwal ay siyang binigyan niya ng pangunahing bagay para sa kanila. Sa kabanatang 3, isinulat ni Pablo ang nagbibigay lakas na ulat ni Timoteo tungkol sa kanila. Sa kabanatang 4 at 5, nagbigay ng praktikal na payo si Pablo tungkol sa pamumuhay kay Cristo sa liwanag ng Kanyang Muling Pagdating.

Sinasabi sa atin ni Pablo ang tungkol sa Rapture ng iglesia at ang Pangalawang Pagdating ni Cristo. Inuusig ng mga Hudyo ang mga taga Tesalonica, ang iba ay pinatay bilang martir. Ang mga mananampalataya ay maraming mga tanong lalo na tungkol sa pangalawang pagdating ni Cristo. Inaliw sila ni Pablo at binigyan sila ng kasiguruhan na si Cristo ay buhay at nasa mabuting kalagayan at muli Siyang darating para sa Kanyang mga tao. Darating siya na nasa mga ulap para sa Kanyang Iglesia, at mga martir at ang mga unang namatay ay unang babangon mula sa mga patay. Hindi natin alam kung kailan ang Rapture, ngunit alam natin na darating si Jesus balang araw, tulad ng ipinangako niya. Kinakailangan makasama tayo sa gawaing pag-ibig para sa Kanya habang tayo ay nagbabantay at naghihintay para sa kanyang pagdating.

1. Tama o Mali? Ang pinakasikat na salita sa 1 Mga Taga Tesalonica ay ang “ang mga patay kay Cristo ay unang babangon.”

2. Tama o Mali? Sinulat ni Pablo ang liham na ito sa kanyang pangalawang paglalakbay sa misyon.

3. Tama o Mali? Hindi hinulaan ng mga propeta ang Pangalawang Pagdating ni Cristo.

4. Tama o Mali? Dahil alam natin na si Cristo ay babalik, kailangang ilagay natin lahat ng ating lakas sa pagbabantay at paghihintay imbis na sa gawain.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sa simula ng sulat na ito, pinuri ni Pablo ang mga taga Tesalonica sa tatlo nilang mgandang katangian, kasama rito ang pag-asa. Ano ang pag-asa para sa mga Kristiyano? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang kasiguruhan ng kaligtasan at buhay na walang hanggan sa ating Panginoon
    b. Ang paniniwala na may magandang buhay dito sa lupa at mararanasan natin ito
    c. Ang paniniwala na kapag ikaw ay mabuting tao, ikaw ay pupunta sa langit
    d. Ang kasigurahan na hindi tayo maghihirap o magkakasakit

6. Ano sa palagay mo bakit ang mga taga Tesalonica ay interesado sa Pangalawang Pagbabalik ni Cristo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sila'y inuusig.
    b. Nais nilang tumigil sa kanilang mga trabaho upang bantayan ang pagdating Niya.
    c. Nais nilang malaman ano ang mangyayari sa kanilang mga mahal sa buhay na pinatay bilang martir.
    d. Nais nilang maging malaya sa kasalanan hanggang sa pagdating Niya.

7. Ano ang iilang mga katangian ng ministeryo ni Pablo sa iglesia sa Tesalonica? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ibahagi ang pag-asa ng Ebanghelyo nang may katapangan
    b. Hindi pinagsikapang bigyang kaluguran ang Diyos kundi ang tao
    c. Hindi siya pabigat sa kanila.
    d. Tratuhin sila bilang sariling mga anak.

8. Sa 1 Mga Taga Tesalonica 4:11-12, sinabi ni Pablo ang, "*Pagsikapan ninyong mamuhay nang tahimik, pakialaman ang sariling gawain, at magtrabaho kayo upang mabuhay tulad ng itinuro namin sa inyo. Dahil dito, kayo ay igagalang ng mga hindi mananampalataya at hindi kayo aasa sa iba para sa inyong ikabubuhay."* Ano sa palagay mo ang ibig niyang sabihin?
    a. Maging tahimik ka sa iyong pananampalataya.
    b. Ang pinaka mabuting trabaho ay gumagawa sa iyong sariling kamay.
    c. Magsikap ka sa iyong sarili.
    d. Kunin ang respeto ng hindi Kristiyano sa pamamagitan ng iyong buhay.

9. Ano ang sinasabi sa atin ng 1 Mga Taga Tesalonica 4:16-18 tungkol sa Pangalawang Pagdating ni Cristo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hindi natin dapat sabihin sa di-mananampalataya na Siya ay babalik.
    b. Bubuhayin ni Jesus ang mga namatay kay Cristo.
    c. Bababa mula sa langit ng may malakas na ugong ang Panginoon.
    d. Makakasama ng mga mananampalataya ang Panginoon sa walang hanggan.

Sinulat ni Pablo na ang mga taga Tesalonica ay huwaran sa ibang mananampalataya. Isipin mo iyon ay iyong sariling buhay. Masasabi ba ni Pablo ang parehong papuri sa iyo? Bakit o bakit hindi?

_____

_____

_____

Naghihintay ka ba na may pananabik kay Jesus sa Kanyang muling pagbabalik? Bakit o bakit hindi?

_____

_____

_____

Naglilingkod ka ba sa Panginoon nang may pag-ibig at kabanalan? Ano ang magagawa mo upang maglingkod sa Kanya nang mas mabuti?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa kaligtasang pinagkaloob Niya sa pamamagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Pasalamatan Siya sa kasiguruhan na si Cristo ay darating na muli. Hingin na tulungan kang maglingkod sa Kanya ng matapat habang hinihintay nang may pananabik ang kanyang pagbabalik. Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo paano mo Siya mabibigyan nang karangalan sa pamamagitan ng matuwid na pamumuhay upang maakit ang iba na kilalanin din Siya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo maipapaliwanag at magagamit ang makatotohanang milagro na naitayo ang isang buhay na iglesia sa Tesalonica sa loob lamang ng humigit kumulang sa isang buwan?

2. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katotohanan na si Pablo ay nagturo sa mga bagong mananampalataya ng sobrang dami tungkol sa Muling Pagdating?

3. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katuruan ni Pablo na ang Muling Pagdating ay siyang tanging pag-asa ng mundo at ang mapalad na pag-asa ng iglesia?

4. Paano mo maiuugnay at magagamit ang katotohanan na ang Muling Pagdating ay, isang espesyal na pamamaraan, ang mapalad na pag-asa ng inuusig na Iglesia ni Jesu-Cristo?

5. Paano mo maiuugnay ang katuruan sa 4:13-18 doon sa diskurso ni Jesus sa Mateo 24 at 25?

6. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katotohanan na ang lahat ng importanteng mga talata tungkol sa Muling Pagbabalik ay may praktikal na gamit?

7. Hanapin at gamitin ang 20 mga tuntunin na ibinigay ni Pablo sa iglesiang ito sa kabanatang 5 sa liwanag ng Muling Pagbabalik.

Ang Kronolohiya ng Kanyang Pagdating

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 66

Layunin: Upang maunawaan ang paglalarawan ni Pablo sa Muling Pagdating ni Cristo sa 1 at 2 Mga Taga Tesalonica at ang kanyang praktikal na payo kung paano mabuhay habang naghihintay sa pagbabalik ni Cristo.

Mga kapatid, hindi na kailangang isulat ko pa sa inyo kung kailan magaganap ang mga bagay na ito, sapagkat alam na ninyo na ang pagdating ng araw ng Panginoon ay tulad ng pagdating ng magnanakaw sa gabi. Kapag sinasabi ng mga tao, "Tiwasay at panatag ang lahat," biglang darating ang sakuna. Hindi sila makakaiwas sapagkat ang pagdating nito'y tulad ng pagsumpong ng sakit ng tiyan ng isang babaing manganganak. Ngunit wala na kayo sa kadiliman, mga kapatid, kaya't hindi kayo mabibigla sa Araw na iyon na darating na parang magnanakaw. Kayong lahat ay kabilang sa panig ng liwanag, sa panig ng araw, hindi sa panig ng gabi o ng dilim. Kaya nga, kailangang tayo'y manatiling gising, laging handa, at malinaw ang isip, at di tulad ng iba.

—Mga Taga Tesalonica 5:1-6

Pag-ukulan ninyo sila ng lubos na paggalang at pag-ibig dahil sa kanilang gawain. Mamuhay kayo nang mapayapa. Mga kapatid, ipinapakiusap din namin na inyong pagsabihan ang mga tamad, pasiglahin ang mahihinang-loob, at kalingain ang mga mahihina. Pagtiyagaan ninyo silang lahat. Huwag ninyong paghigantihan ang gumawa sa inyo ng masama; sa halip, magpatuloy kayo sa paggawa ng mabuti sa isa't isa at sa lahat. palagi kayong manalangin, Magalak kayong lagi, at magpasalamat kayo sa Diyos sa lahat ng pagkakataon; sapagkat ito ang kalooban ng Diyos para sa inyo sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus. Huwag na ninyong hadlangan ang Espiritu Santo. Huwag na ninyong bale-walain ang anumang pahayag mula sa Diyos. Suriin ninyo ang lahat ng bagay at gawin ang mabuti. Lumayo kayo sa lahat ng uri ng kasamaan.

—Mga Taga Tesalonica 5:13-22

Tulad nang 1 Mga Taga Tesalonica, ang tema ng 2 Mga Taga Tesalonica ay ang Muling Pagbabalik ni Cristo. Sinulat ni Pablo ang 2 Mga Taga Tesalonica pagkatapos ng iilang buwan na isinulat niya ang unang liham. Ang layunin niya sa sulat na ito ay ituloy ang pagsagot sa kanilang mga katanungan at pabulaanan ang mga ulat na ang Araw ng Panginoon ay dumating na. Ang kabanatang 1 at 3 ay magkapareho sa unang liham ni Pablo sa kanila, ngunit ang kabanatang 2 ay susi sa liham na ito.

Sa kabanatang 2, pinaliwanag ni Pablo ang pagkakaiba ng dalawang kaganapan: ang Ikalawang Pagdating at ang Araw ng Panginoon. Ang Ikalawang Pagdating ay ang Rapture, na ipinaliwanag ni Pablo sa 1 Mga Taga Tesalonica 4. Ang Rapture ay kapag ang Iglesia, lahat ng tagasunod ni Jesu-Cristo, ay aalisin mula sa mundong ito upang makasama ni Jesu-Cristo.

Ang Araw ng Panginoon, binanggit sa Joel, Zefanias, Zacarias, at 2 Pedro, ay isang mapanirang kaganapan bilang paghatol sa mundo, sa araw na iyon ay lilipulin ng Diyos ang buong mundo. Hindi darating ang araw na iyon hanggat ang kawalan ng batas o kasalanan ay pinabayaan na mamuno sa buong mundo sa iisang panahon. Sa kasalukuyan, ang kapangyarihan ni Cristo ay pumipigil sa buong kapangyarihan ng kasalanan sa mundong ito, ngunit pagdating ng araw na iyon, susunod ang mga tao sa simbuyo ng makasalanang hilig. Nakakakilabot ang panahon na iyon. Ang Anti-Cristo ay lilitaw na may kapangyarihan at magpapanggap na siya ang tunay na Cristo, lalabanin niya ang Diyos at lahat ng nagmamahal at sumusunod kay Jesus.

Maraming mga tao ang naniniwala na ang Iglesia ay narapture na bago pa dumating ang pitong taon ng Matinding Kapighatian, dahil ang 1 Mga Taga Tesalonica 5:9-10 ay nagsasabi na hindi ibubuhos ng Diyos ang Kanyang poot sa atin. Sa pamamagitan ng Rapture, ililigtas ng Diyos ang Kanyang mga tao at pagkatapos ay ibubuhos Niya ang Kanyang poot sa mga hindi naniniwala na natira pa. Kung kilala mo si Jesus bilang iyong Tagapagligtas, ang mga sinabi ni Pablo ay magbibigay sa iyo ng ginhawa at pag-asa. Dapat tayong mabuhay kay Cristo habang tayo ay naghihintay sa Kanyang pagbabalik. Nagbigay ng mga praktikal na alituntunin si Pablo sa liwanag ng pagbabalik ni Cristo, tulad ng: igalang mo ang iyong espirituwal na lider; magpalakasan at magtulungan sa isat-isa; magpasensya at maging mabait sa iba; laging masayahin; at manalangin lagi.

1. Tama o Mali? Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa Muling Pagdating ay maliwanag na nasusulat sa kasulatan.

2. Tama o Mali? Sinabi ni Jesus na kahit ang Anak ng Tao, tinutukoy ang sarili Niya, hindi alam ang takdang panahon kailan ang Kanyang Pangalawang Pagdating.

3. Tama o Mali? Ang ating pananaw at layunin sa buhay ay higit na nagbibigay ng epekto kung paano natin tinitingnan ang Pangalawang Pagdating ni Cristo.

4. Tama o Mali? Iilang mga tao sa panahon ni Pablo ay nagsasabi na dumating na ang Pangalawang Pagdating.

5. Tama o Mali? Ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na nakatira sa puso ng Kanyang mga tao ay pumipigil kay Satanas at sa kapangyarihan ng kasalanan,.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Kapag inisip mo ang tungkol sa Rapture, ano ang iyong reaksyon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Takot
    b. Kagalakan
    c. Pag-aalinlangan
    d. Kaaliwan

7. Kung ang mga Kristiyano ay mabubuhay na parang naniniwala sila na malapit na ang pagdating ni Cristo, ano ang magiging buhay nila sa iba? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ibabahagi nila ang kanilang pananampalataya nang may katapangan.
    b. Iisipin nila at mananalangin sa Kanyang pagbabalik.
    c. Hindi na sila mag-aalala sa mga utos ng Diyos.
    d. Magsisikap sila na mabuhay ng may higit na kabanalan.

8. Sinulat ni Pablo na dapat nating "isaalang-alang sa pinaka-mataas sa pag-ibig ang ating mga pastor at mga lider dahil sa kanilang ginagawa." Ano-ano ang mga paraan kung saan masusuportahan natin ang ating mga lider? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Batikusin sila sa publiko
    b. Ipanalangin sila
    c. Palakasin sila sa ating mga salita
    d. Suportahan sila sa pananalapi

9. Sinabi ni Pablo na manalangin lagi. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin nito?
    a. Ang pastor lang ang kailangang manalangin lagi.
    b. Iwanan ang iyong trabaho upang ibigay ang buong panahon sa panalangin.
    c. Manatili sa trabaho pero manalangin imbis na magtrabaho.
    d. Magkaroon ng saloobin ng panalangin sa buong araw.

10. Bakit sinasabi ni Pablo sa atin na dapat tayong magpasalamat sa lahat nang bagay?
    a. Pinapalaki lamang niya.
    b. Alam niya na ang pagpapasalamat ay mahalaga upang maranasan ang kapayapaan ng Diyos.
    c. Ang talagang nais niyang sabihin ay magpasalamat lamang kapag may mabuting nangyari.
    d. Alam niya na ang pagpapasalamat sa masamang bagay ay magbibigay ito ng kabutihan.

Ano-ano ang iilang mga tuntunin na dapat sundin habang naghihintay tayo sa pagbabalik ni Cristo? Alin sa mga ito ang dapat mong sundin?

_____

_____

_____

Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng pawiin ang Banal na Espiritu o patayin ang Kanyang apoy? Ginawa mo na ba ito? Paano maiwasan na pawiin ang Banal na Espiritu?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos darating muli si Jesus para sa Kanyang mga tagasunod. Hingin ang tulong Niya upang mapagtagumpayan mo ang pag-aalinlangan at di paniniwala sa Kanyang Pangalawang Pagdating. Pasalamatan ang Diyos, dahil sa Kanyang kaloob na kaligtasan, mabubuhay ka kasama Niya magpawalang hanggan, ano man ang mangyari. Hingin sa Diyos na tulungan ka na maibahagi mo ang iyong pananampalataya sa mga hindi naniniwala kay Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas nila. Hingin na tulungan kang mabuhay kay Cristo habang ikaw ay naghihintay sa Kanyang pagbabalik, upang makita ng iba si Jesus sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagawang magamit sa iyong sarili na magbibigay ng aliw sa iyo sa pagbasa mo ng 2 Mga Taga Tesalonica?

2. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang ikalawang kabanata na ang Banal na Espiritu ay pumipigil sa kasamaan sa kasalukuyan?

3. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katuruan sa kabanatang ito na ang ministeryong pagpigil ng Banal na Espiritu ay aalisin?

4. Ano ang magiging kahihinatnan ng mundo kapag inalis na itong pagpigil ng Banal na Espiritu sa masama?

5. Ipaliwanag ang kahihinatnan ng mundo kapag ang lahat ng asing nag-iimpluwensiya, ang mga mananampalataya, ay inalis na?

6. Sa iyong palagay, sa paanong paraan ang makasaysayang konteksto ay maghahanda sa pagdating ng anti-Cristo?

7. Paano mo iuugnay at gagamitin ang katuruan tungkol sa matinding kapighatian dito sa kabanatang 2 at sa Mateo 24?

Mga Plano Para sa Kaayusan
Sa Kongregasyon

Kabanata 13
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 67

Layunin: Upang ipakilala ang 1 Timoteo at maunawaan ang tema kung paano ang Iglesia ay tumakbo ayon sa disenyo ng Diyos.

Una sa lahat, ipinapakiusap kong idulog ninyo sa Diyos ang inyong mga kahilingan, panalangin, pagsamo, at pasasalamat para sa lahat ng tao. Ito ang mabuti at nakalulugod sa Diyos na ating Tagapagligtas. Ibig niyang ang lahat ng tao ay maligtas at makaalam ng katotohanang ito.

—1 Timoteo 2:1, 3-4

Umaasa akong magkikita tayo sa lalong madaling panahon, ngunit isinulat ko ang mga ito upang kung hindi man ako makarating agad ay malaman mo kung ano ang dapat na maging ugali ng mga taong kabilang sa sambahayan ng Diyos na buháy, sa iglesya na haligi at saligan ng katotohanan.

—1 Timoteo 3:14-15

Hanggang sa kasalukuyan, ang ating pag-aaral ay ayon sa pagkasunod ng Biblia sa mga liham ni Pablo, ngunit ngayon, sa mga huling sulat ni Pablo, susundin natin ang pagka-ayos base sa panahon na isinulat ang mga ito. Isinulat ni Pablo ang 1 Timoteo at Tito sa parehong panahon, samakatuwid uunahin natin ang mga ito. Pagkatapos pag-aaralan natin ang Filemon, at kahuli-hulihan, titingnan natin ang 2 Timoteo, ang mga huling salita ni Pablo bago siya namatay.

Sinanay ni Pablo sina Timoteo at Tito sa pagiging pastor, at ang sulat niya sa dalawang ito ay tinatawag na Pastoral Epistles. Pastor sa iglesia ng Efeso si Timoteo. Bata, mahiyahin, at sensitibo si Timoteo, maaaring nahihirapan siya sa pagiging matapang kay Cristo at sa kanyang mga tungkulin bilang pastor. Sa Mga Taga Filipos, pinuri siya bilang halimbawa na dapat sundin, dahil siya ay puno ng pag-ibig. Ang relasyon nila ay parang ama at anak, na siyang nagsisilbing modelo para sa senior at junior pastors. Si Tito naman, sa kabilang dako, ay may edad na, isang malakas na lalaki na mapagkakatiwalaan sa mahirap na gawain. Pinadala ni Pablo si Tito sa mapanganib na isla ng Crete.

Sinulat ni Pablo ang unang liham kay Timoteo pagkatapos nang kanyang unang pagkabilanggo sa Roma, na inilarawan sa Mga Gawa. Ang layunin ng sulat ay turuan ang mga pastor paano manguna sa iglesia ng Diyos, “ang haligi at pundasyon ng katotohanan.” Idiniin niya ang katangian ng mga kalalakihan na nangunguna sa iglesia. Ang pangunahing responsibilidad ng iglesia ay maging base ng operasyon, kung saan nanggagaling ang katotohanan, at ang bawat

miyembro ay kasali sa pag-aabot ng mga tao para sa ebanghelyo upang makapagbigay ng pag-asa sa kanila.

Ibinahagi ni Pablo dito ang kanyang magandang patotoo noong sinabi niya na siya ang pinakamasamang makasalanan dahil inusig niya ang iglesia. Ang punto ni Pablo ay kung kaya siyang iligtas ng Diyos, makakayang iligtas ng Diyos ang sinoman. Binigyang diin din ni Pablo ang kahalagahan ng panalangin sa ministeryo.

1. Tama o Mali? Si Timoteo ay matatag na mananampalataya at matapang na ibinabahagi niya ang kanyang pananampalataya sa bawat tao.

2. Tama o Mali? Mayroong matibay na samahan si Pablo at Tito bilang mag-ama.

3. Tama o Mali? Ang mga sulat kay Timoteo at Tito ay kilala sa tinatawag na Pastoral Epistles.

4. Tama o Mali? Si Timoteo ay unang henerasyon na Kristiyano, siya ang unang naniwala kay Jesu-Cristo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit sumulat si Pablo kay Timoteo na isang batang lalaki? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Upang tulungan siyang maunawaan ang pilosopiya.
    b. Upang palakasin ang loob niya na maging matapang.
    c. Upang turuan siya paano palakarin ang iglesia.

d. Upang bigyan diin ang mahalagang katangian ng isang lider sa iglesia.

6. Ano ang dahilan kung bakit ang relasyon ni Pablo at Timoteo ay isang mabuting halimbawa para sa mga pastor ngayon?
    a. Ang pagtatapos sa isang seminaryo ay sapat na para sa pangangailangan ng isang pastor.
    b. Kailangan ni Pablo ang isang kaibigan.
    c. Kinilala ni Pablo si Timoteo bilang apprentice at patuloy niya itong tinuruan.
    d. Laging pinipintasan ni Pablo si Timoteo tuwing ito ay magkakamali.

7. Ano ang layunin ng iglesia? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Upang magbigay ng magaling at nakakaengganyong musika
    b. Upang maging haligi at pundasyon ng katotohanan
    c. Upang turuan ang mga mananampalataya na humayo at ibahagi ang kanilang pananampalataya
    d. Upang magkaroon ng lugar para sa mga magiging kaibigan

8. Bakit tinawag ni Pablo ang kanyang sarili na pinakamasama sa lahat ng makasalanan?
    a. Mababa ang loob niya.
    b. Nais niyang magmamalaki
    c. Inusig niya ang Iglesia ni Jesu-Cristo
    d. Siya ay masamang kriminal

9. Anong mga katangian ang sinabi ni Pablo na dapat magkaroon ang mga lider sa Iglesia?
    a. Dapat mataas ang kanilang pinagaralan.
    b. Dapat impluwensiyado sila sa lipunan.
    c. Dapat mayroon silang mga matitibay na tagasunod ni Cristo.
    d. Dapat sila ay matatanda at marurunong.

10. Sa 1 Timoteo 2:1-4, ano ang pangunahing gawain ng Iglesia?
    a. Pananalangin sa pangangailangan, panalangin, pananalanging para sa iba at pasasalamat
    b. Magtayo ng magandang gusali
    c. Alagaan ang mga balo at walang mga magulang
    d. Pumili ng mga matatanda na mamumuno at diyakono

Kahit na noong una'y nilapastangan, inusig, at nilait ko siya. Sa kabila nito'y nahabag sa akin ang Diyos dahil hindi ko nalalaman ang aking ginagawa noong ako'y hindi pa sumasampalataya. Pinasagana sa akin ang kagandahang-loob ng ating Panginoon at pinagkaloob sa akin ang pananampalataya at pag-ibig na natatagpuan sa ating pakikipag-isa kay Cristo Jesus. Totoo ang pahayag na ito at dapat paniwalaan ng lahat: Si Cristo Jesus ay dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan. At ako ang pinakamasama sa lahat ng mga makasalanan. Ngunit akong pinakamasama ay kinahabagan, upang ipakita ni Cristo Jesus ang kanyang di-masukat na pag-ibig sa akin, at upang ito'y maging halimbawa sa mga sasampalataya at bibigyan ng buhay na walang hanggan.

1 Timoteo 1:13-16

Sinabi ni Pablo na siya ang pinakamasama sa mga makasalanan, gayun pa man pinatawad siya ng Diyos at ginamit siya upang abutin ang di-mabilang na mga tao para kay Cristo. Naniniwala ka ba na walang kapatawaran ang iyong mga kasalanan? Hiningi mo na ba kay Jesus na iligtas ka mula sa iyong mga kasalanan? Kung hihingin mo ito, patatawarin ka Niya sa iyong mga kasalanan at lilinisin sa lahat ng iyong kalikuan at pagkakalooban ka ng buhay na walang hanggan. Bakit hindi mo hingin ito ngayon?

_____

_____

_____

Sinabi ni Pablo na ang pinakamahalagang bagay na magagawa ng mananampalataya ay ang manalangin, pagkatapos ibinahagi niya ang apat na uri ng panalangin: paghingi, panalangin, pamamagitan, at panalanging may pasasalamat. Ano ang mga pansarili mong kahilingan na nais mong pag-usapan ninyo ng Diyos? Sino ang nais mong ipanalangin? Ano at sino ang dapat mong ipagpasalamat sa Diyos?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa mga halimbawa ni Pablo, Timoteo, at Tito. Pasalamatan ang Diyos para sa Kanyang Iglesia, at hingin na palakasin ito. Pasalamatan ang Diyos sa iyong lokal na iglesia. Hingin sa Kanya na tulungan ang iyong iglesia na matupad ang kanyang layunin bilang haligi at pundasyon ng katotohanan. Hingin sa Diyos na tulungan ang iyong pastor na maging pinakamabuting lider. Pasalamatan ang Diyos sa pagliligtas sa iyo at sa abilidad na mapag-aralan ang Kanyang Salita.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagawang makipag-isa sa katangian ni Timoteo at magamit sa iyong sarili ang kanyang personalidad—mahina ang loob, mapagmahal, sensitibo, at bata?

2. Paano mo magagawang makipag-isa sa katangian ni Tito at magamit sa iyong sarili ang kanyang personalidad?

3. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang paglalarawan ni Pablo sa kanyang sarili sa 1:15 na siya ang pinakamasama sa mga makasalanan sa mundo?

4. Paano mo magagamit ang isinulat ni Pablo sa 3:15 tungkol sa iglesia na nagsisilbing base kung saan ang Ebanghelyo o katotohanan ay maipapahayag? *(Iugnay ito sa trabaho ng bawat pastor sa Mga Taga Efeso 4:12)*

5. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang sinulat ni Pablo kay Timoteo sa 1 Timoteo 2:1 tungkol sa panalangin na siyang pangunanhing gawain ng iglesia kapag ito ay nagpulong?

6. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang tagubilin ni Pablo sa 2:3-4 na ang iglesia ay dapat manalangin para sa lahat ng tao dahil kalooban ng Diyos na lahat ng tao ay maligtas?

7. Paano pinapahayag ang layunin ng sulat na ito mula sa tagubilin ni Pablo sa 3:15 at paano ipinapakita paano ito magagamit sa mga iglesia.

Makadiyos na Pangangasiwa at Makadiyos na Mangangasiwa

Kabanata 14
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 68

Layunin: Upang maunawaan ang kwalipikasyon ng mga lider sa iglesia.

Sapagkat iisa ang Diyos, at tanging si Jesu-Cristo lamang ang taong tagapamagitan sa atin at sa Diyos. Inihandog niya ang kanyang buhay upang tubusin ang lahat mula sa kasalanan. Ang katotohanang ito ay pinatunayan sa takdang panahon.

—1 Timoteo 2:5-6

Totoo ang pahayag na ito: Ang sinumang nagnanais na maging tagapangasiwa sa iglesya ay naghahangad ng mabuting gawain.

—1 Timoteo 3:1

Ang unang Timoteo ay pastoral epistle kung saan dinitalye ni Pablo ang layunin at pangunahing gawain ng iglesia. Ipinaliwanag ni Pablo ang mga prinsipyo na hindi mababago ng kultura at dapat magamit kahit saan sa lahat ng henerasyon sa iglesia. Ipinakilala ni Pablo ang katotohanan ng Ebanghelyo sa Iglesia noong sinabi niya na mayroon lamang iisang Diyos, hindi marami, at mayroon lamang isang tagapamagitan sa Diyos at sa tao, ang taong si Cristo Jesus.

Halimbawa, ang mga talata na mababasa natin sa 1 Timoteo 2:9-12 ay naglalagay kay Pablo na hindi siya magiging katatanggap-tanggap sa mga babae. Hindi sinasabi ni Pablo na ang mga babae ay hindi maaaring maging ministro. Ngunit pinaulit-ulit niya ang isang bagay na laging sinasabi: Mayroong makadiyos na pagkaayos kung saan si Cristo ay nangangasiwa sa iglesia. Ang Biblia ay nagbibigay sa lalaki at babae nang tiyak na katangian, ngunit itinatalaga ito ng kakaibang tungkulin. Maliwanag sa Salita ng Diyos na binigyan ang mga lalaki ng responsibilidad bilang lider sa sambahayan at sa iglesia. Samakatuwid, ang babae ay maaaring kumilos sa ministeryo sa iglesia hanggat siya ay napapailalim sa pamumuno ng isang lalaking matanda sa igelsia.

Sa kabanatang 3, nagbigay si Pablo ng mahabang listahan ng kwalipikasyon at responsibilidad ng mga matatanda at diakono. Ang mga matatanda ay mamumuno sa espirituwal na kalagayan ng iglesia at ang mga diakono naman ay aasikasuhin nila ang mga praktikal na gawain sa iglesia. Napaka mahigpit na pamantayan ang ibinigay sa mga matatanda at diakono, maging sa kanilang mga asawang babae. Iilan sa mga pamantayan na ito ay ang pagiging matapat, marunong magturo, hindi lasinggero, hindi marahas kundi maamo, hindi palaaway, hindi mapagmahal sa salapi, maayos na pinamumunuan ang kanyang sambahayan, at maganda ang reputasyon sa komunidad.

Sa kabanatang 4, isinulat ni Pablo ang tungkol sa *apostasy*—kapag ang mga tao ay tumalikod sa kanilang pananampalataya at sumunod sa mapandayang espiritu. Hindi lahat ng espirituwal ay galing sa Banal na Espiritu. Ang mga ibang tao ay naghahanap ng espirituwal na karanasan imbis na hanapin ang Diyos, at dahil dito ay binubuksan nila ang kanilang sarili sa mapanganib na espiritu. Pinaalala ni Pablo kay Timoteo na ang katuruan sa iglesia ay dapat base sa Kasulatan, at ang pagsasanay sa kabanalan ay mas lalo pang mahalaga kaysa sa pagsasanay sa pisikal. Sa kabanatang 5 ipinaliwanag ni Pablo kung paano makitungo sa mga matatandang lalaki, mga kabataang lalaki, mga kabataang babae, mga matatandang babae, at mga balo na ituring silang kapamilya. Kanya ring hinimok ang iglesia na ingatan ang mga reputasyon ng mga lider.

1. Tama o Mali? Ang 1 Timoteo ay isinulat para sa mga matatanda sa iglesia.

2. Tama o Mali? Itinuturo ni Pablo na basta ang mga tao ay taimtim na naniniwala sa anomang bagay, sila ay maliligtas.

3. Tama o Mali? Sinasabi ng Kasulatan na ang lalaki at babae ay magkapantay, ngunit mayroon silang iba-ibang tungkulin.

4. Tama o Mali? Itinuro ni Pablo na ang mga lider sa iglesia ay mayroong dapat mataas na pamantayan kaysa sa mga miyembro.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit ayaw ni Pablo na ang mga kababaihan ay mamuno sa mga kalalakihan? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Ang mga kalalakihan ay responsable sa pagpapastol sa bahay at sa iglesia.
   b. Ito ay labag sa modelo ng Diyos bilang tungkulin ng mga kalalakihan at kababaihan.
   c. Ayaw ni Pablo sa mga kababaihan.
   d. Ang mga kababaihan ay mababa.

6. Ano ang iilang kwalipikasyon ng mga matatanda (elders)? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang asawang lalaki may isa lamang asawang babae
    b. Mayaman at mula sa mabuting pamilya
    c. May pinag-aralan
    d. Mabuti ang reputasyon kahit sa mga hindi Kristiyano

7. Bakit nagdesisyon na kailangan ng diakono sa iglesia? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ayaw nila ng mahirap na trabaho.
    b. Iilang mga balo ay nakakaligtaan sa araw-araw na pamamahagi ng pagkain.
    c. Nais ng mga alagad na mag-ukol ng maraming panahon sa panalangin at pagtuturo ng Salita ng Diyos.
    d. Iilang mga kalalakihan sa iglesia ay naghahangad ng posisyon na marangal.

8. Ano ang mga ibang kwalipikasyon ng isang diakono? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Karapat-dapat na respetuhin
    b. Taos-puso
    c. Hindi naglalasing
    d. Magaling na mangangaral

9. Bakit ang mga kwalipikasyon sa mga matatanda at diakono at ang kanilang mga asawang babae ay mahalaga?
    a. Ang kalusugan ng iglesia ay nakadepende sa makadiyos na pamumuno.
    b. Hayaan ang sinomang nagnais na maging matanda o diakono.
    c. Kailangan silang maging tanyag sa komunidad.
    d. Ang kwalipikasyon ay maluwag upang madaling makahanap ng kapalit kung kinakailangan.

10. Tulad ng sa panahon ni Pablo, maraming mandarayang espiritu ngayon. Ano ang itinuro ni Pablo na pamantayan?
    a. Lahat ng espirituwal na karanasan ay dapat respetuhan.
    b. Lahat ng espirituwal na karanasan ay dapat husgahan ayon sa katotohanan ng Kasulatan.
    c. Lahat ng espirituwal na karanasan ay dapat husgahan ng mga matatanda sa iglesia.
    d. Ang mga espirituwal na karanasan ay hindi dapat pahintulutan sa iglesia.

11. Ayon kay Pablo, paano natin dapat tratuhin ang mga iba sa iglesia?
    a. Tulad ng mga miyembro sa espesyal na samahan
    b. Tulad sa maharlika
    c. Tulad ng kapamilya
    d. Tulad sa kapitbahay

Bilang isang lider sa iglesia ito nangangahulagang maraming responsibilidad at maraming trabaho. Ano ang iilang paraan upang masuportahan mo at mapalakas mo ang mga lider sa iyong lokal na iglesia?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa mga lider sa iglesia. Pasalamatan ang Diyos sa mga pamantayan sa pagiging lider na hinihingi Niya dahil ang mga ito ay nakakatulong upang sumulong at maging epektibo ang iglesia. Hingin sa Diyos na tulungan ang mga lider sa iyong iglesia na mabuhay ng maka-diyos, upang sila ay maging halimbawa para sa Kanya. Hingin sa Diyos na tulungan ang mga nangangaral na ingatan ang kanilang mga doktrina, upang ang mga tao ay hindi mangaligaw. Pasalamatan ang Diyos, kung itinalaga ka Niya sa bilang isang lider, at hingin sa Kanya na bigyan ka ng lakas upang parangalan Siya sa tungkuling ibinigay Niya sa iyo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bakit iniutos ni Pablo ang mataas na pamantayan sa pagiging matanda at diakono sa mga mamumuno sa iglesia na sinimulan ni Timoteo?

2. Paano mo ilalarawan at gagamitin ang pagkakaiba ng matatanda at diakono?

3. Hanapin at gamitin ang mga matatapat na pahayag ni Pablo kay Timoteo sa unang sulat nito sa kanya.

4. Bakit masyadong binigyan diin ni Pablo ang kabanatang 5 tungkol sa halaga ng disiplina na dapat ipatupad ni Timoteo kapag ang isang pastor ay nahulog sa imoralidad?

5. Paano mo magagamit ang mensahe ni Pablo (sa 4:7-8), na dapat tayong magsanay sa pagiging makadiyos tulad ng pagsasanay natin sa pisikal dahil ang pagiging makadiyos ay pakinabang hindi lamang sa mundong ito kundi sa kabilang buhay din naman?

6. Paano mo magagamit ang katuruan ni Pablo sa kabanatang 6 na hindi natin dapat kunin ang mga mahahalagang bagay mula sa kultura kundi mula sa Kasulatan?

7. Paano magagamit sa iyong sarili ang mataimtim na payo ni Pablo kay Timoteo (sa 6:4-12) na ang espirituwal na lider ay dapat umiwas sa materyalistikong pagnanasa kundi magsikap sa pagiging banal?

Ang Simbahan ng Tatlong Pagpapakita

Kabanata 15
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 69

Layunin: Upang maunawaan ang huling tagubilin ni Pablo sa 1 Timoteo at ipakilala ang sulat kay Tito.

Kung sabagay, malaki nga ang mapapakinabang sa relihiyon kung ang tao'y marunong masiyahan. Wala tayong dalang anuman sa sanlibutan, at wala rin tayong madadalang anuman pag-alis dito. Kaya nga't, dapat na tayong masiyahan kung tayo'y may kinakain at isinusuot.

—1 Timoteo 6:6-8

Sapagkat nahayag na ang kagandahang-loob ng Diyos na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang nagtuturo sa atin upang talikuran ang makamundong pamumuhay at damdaming makalaman, at upang makapamuhay tayo ngayon nang may pagpipigil, matuwid at karapat-dapat sa Diyos habang hinihintay natin ang dakilang araw na ating inaasahan. Ito ang pagbabalik ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo. Inihandog niya ang kanyang sarili upang palayain tayo sa lahat ng kasamaan at linisin tayo upang maging bayan niyang masigasig sa paggawa ng mabuti.

— Tito 2:11-14

Maraming mga alipin sa mga naunang mga mananampalataya, at nagbigay ng mga alituntunin si Pablo sa mga alipin at sa empleyado na sila ay huwag maging tamad, kundi maging mabuting manggagawa. Dapat tayong magtrabaho at maglingkod na parang naglilingkod tayo kay Jesu-Cristo mismo. Dapat mayaman tayo sa kawang gawa at laging masayang mapagbigay sa nangangailangan.

Sa 1 Timoteo at sa Tito, ang pangunahing alalahanin ni Pablo ay ang pagkatao ng mga kalalakihan na namumuno sa iglesia. Nagbigay din siya ng babala sa pagiging materialismo. Iilang mga tao nakabase ang kanilang halaga sa mga naabot nila sa buhay, ngunit ang mga bagay na naabot sa buhay ay hindi nagbibigay ng kapayapaan, katuwaan, o kasiyahan. Ngunit ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking pakinabang, ang sabi ni Pablo. Sinabi ni Pablo kay Timoteo na maghangad ng mga bagay na nananatili: katuwiran, kabanalan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis, at kahinahunan. Sinabihan si Timoteo na ingatan ang katotohanang pinagkatiwala sa kanya.

Ang liham ni Pablo kay Tito ay isa ring pastoral epistle. Si Tito ay mas may edad, mas may gulang, at matatag na lalaki na mapagkakatiwalaan sa mahihirap na gawain, kasama rito ang pagiging pastor sa mga tao sa isla ng Crete. Maaaring si Tito ang pinakamabuting pastor na kilala ni Pablo. Ang liham ni Pablo sa kanya ay hindi personal gaya ng sa 1 Timoteo, ngunit

naglalaman ng parehong tagubilin tungkol sa makadiyos na pamumuno sa iglesia. Ang tema ng Tito ay palamutian ang doktrina ng makadiyos na patotoo.

Isinulat ni Pablo kay Tito na dapat tanggihan ang di-makadiyos at mabuhay ng may kabanalan habang naghihintay sa muling pagpapakita ni Jesus. Ang salitang pagpapakita sa Griyego ay "epiphany." Noong dumating si Jesus bilang pagkakatawang-tao ng Diyos, ang panyayaring iyon ay siyang unang pagpapakita. Ang pagbabalik Niyang muli, ito ang pangalawang pagpapakita. Ang Iglesia ay nabubuhay bilang isang "kakaiba" o espesyal o natatanging mga tao sa gitna ng dalawang pagpapakita ni Jesus. Ang ikatlong pagpapakita ay mangyayari sa pamamagitan ng mga mananampalataya, dahil si Jesus ay nabubuhay sa atin sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Sa susing talata dito sa Tito, isinulat ni Pablo kung paano ang iglesia ay kumilos sa gitna ng dalawang pagpapakita.

1. Tama o Mali? Ang pagiging mayaman ay kasalanan.

2. Tama o Mali? Nag-aalala si Pablo na si Timoteo ay masyadong umiinom ng alak.

3. Tama o Mali? Ang sulat kay Tito ay lubhang kaiba sa 1 Timoteo.

4. Tama o Mali? Itinuro ni Pablo ang makadiyos na pamamahala ay nagdudulot ng makadiyos na pangangasiwa.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa sinabi niyang kabanalan at pakinabang? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Ang kabanalan na may kasiyahan ay mabuti kaysa sa kayamanan sa buong mundo.
   b. Anuman ang kayamanan o naabot natin sa buhay na ito ay hindi mananatili sa walang hanggan.
   c. Maaari tayong masiyahan na may mga pangunahing pangangailangan.

d. Ang pera ay ugat ng lahat ng kasamaan.

6. Ano ang pangunahing pagkakaiba ng sulat ni Pablo kay Tito at ng kay Timoteo?
    a. Ang Tito ay walang panuntunan sa mga matatanda.
    b. Ang Tito ay nagbibigay diin sa mayayamang mga tao.
    c. Ang Unang Timoteo ay lubhang mas personal.
    d. Ang Tito ay hindi nagbanggit tungkol pagiginga makadiyos.

7. Inutusan ni Pablo si Tito na magdala ng kanyang mga sulat sa iglesia sa Corinto ng makalawang beses. Bakit ito ay mahirap na gawain? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ayaw ni Tito na pumunta sa Corinto.
    b. Ang mga sulat sa Corinto ay naglalaman ng matatapang na tagubilin sa mga Corinto upang tumalikod sa kasalanan.
    c. Ang lungsod ng Corinto ay hindi magiliw sa mga panauhin.
    d. Ayaw ni Tito ang maglakbay.

8. Bakit ang maging pastor sa iglesia sa isla ng Crete ay mahirap para kay Tito o sa sinumang ibang pastor? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang isla ay may sirang tanawin.
    b. Ang klima ay matindi.
    c. Ang mga taga Crete ay kilala sa pagiging mabagsik, tamad, at di mapagkakatiwalaan.
    d. Ang mga taga Crete ay hindi nagbabayad ng tama sa kanilang pastor.

9. Ano dapat ang ginagawang layunin ng iglesia? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Pagtatanggi sa di-makadiyos na bagay at makamundong pagnanasa.
    b. Magdala ng maraming tao sa iglesia
    c. Mabuhay ng banal, maka-diyos na pamumuhay.
    d. Huwag pag-usapan o sabihin sa iba ang tungkol sa muling pagbabalik ni Jesu-Cristo.

10. Ano ang ibig sabihin ni Pablo sa “kakaibang” mga tao?
    a. Ang mga tagasunod ni Cristo ay kakatwa.
    b. Walang katulad ng mga tao sa mundo ang mga tagasunod ni Cristo.
    c. Ang mga tagasunod ni Cristo ay kabilang sa Diyos.
    d. Ang mga tagasunod ni Cristo ay kakaiba kaysa sa mundo.

Parehong sinabi ni Pablo sa 1 Timoteo at Tito na ang nagsasabing sumusunod kay Cristo ay hindi dapat tamad, kundi maging matapat at masikap na manggagawa, magtrabaho na parang nagtatrabaho para kay Jeus-Cristo mismo. Kumusta ang iyong trabaho? Masasabi ba ng iba na ikaw ay matapat at masipag na manggagawa? Kung hindi, ano ang maaari mong gawin upang maging mabuti kang patotoo na tagasunod ni Cristo?

_____

_____

_____

Sa palagay mo ba ang mga di-Kristiyano na kilala mo ay ibinibilang ka na kakaiba? Alam ba nila ayon sa iyong pamumuhay na ikaw ay kabilang sa Diyos? Kung hindi, ano ang dapat mong gawin sa kanila upang makita nila si Cristo sa iyo?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa praktikal, at detalyeng tagubilin ni Pablo na nasa sulat niya kay Timoteo at Tito. Hingin sa Diyos na tulungan kang masiyahan sa anumang kalagayan mayroon ka. Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang biyaya na nagdadala ng kaligtasan, at sa mga makadiyos na mga lider na ibinigay niya sa Iglesia. Hingin na tulungan kang mamuhay ng may kabanalan na may magandang patotoo sa lahat.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo gagamitin sa iyong sarili ang mataimtim na mensahe ni Pablo (sa Tito 2:11-14) sa iyong sarili at ministeryo bilang matapat na tagasunod ni Jesu-Cristo?

2. Ayon sa mga talatang ito, bakit tayo tinubos ni Jesu-Cristo?

3. Paano mo iuugnay at gagamitin ang parehong mga talata sa pagbibigay diin ni Pablo sa buong sulat niya kay Tito sa kahalagahan ng ating paniniwala na mabuting gawa na siyang ating palamuti?

4. Bakit ang prinsipyong ito ay mapanganib ngunit mahalaga kapag nagtatayo ng iglesia sa isang mahirap na lugar tulad sa Crete?

5. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katuruan ni pablo sa Tito 2, na dapat tayo ay natatangi, ibang klaseng tao, kung saan ang Diyos ay maaaring magpakita sa mundong ito sa gitna ng pagpapakita ng Diyos sa kapanganakan at Muling Pagbabalik ni Jesu-Cristo?

6. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang dalawang bagay na sinabi sa atin na dapat nating iwaksi at tatlong paraan na dapat tayong mabuhay sa mundong ito kung tayo ang pangatlong pagpapakita ng Diyos sa mundong ito?

7. Paano magagamit sa iyong sarili ang pagbibigay diin sa sulat kay Tito na ang makadiyos na pamamahala ay nagdudulot ng makadiyos na pangangasiwa?

Ang Relasyon ng Tumakas na Bilanggo

Kabanata 16
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 70

Layunin: Upang ipakilala at talakayin ang sulat ni Pablo kay Filemon tungkol sa isang tumakas sa bilanggo.

Sumainyo nawa ang pagpapala at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama at sa Panginoong Jesu-Cristo. Lagi akong nagpapasalamat sa aking Diyos tuwing isinasama kita sa aking pananalangin sapagkat nababalitaan ko ang pag-ibig na ipinapakita mo sa lahat ng hinirang ng Diyos, at gayundin ang iyong pananampalataya sa Panginoong Jesus. Idinadalangin kong ang pagkakabuklod natin sa isang pananampalataya ay magbunga ng lubos na pagkaunawa sa mga kabutihang dulot ng ating pakikipag-isa kay Cristo.

—Filemon 3-6

Ang ating pag-aaral ay nakarating na papunta kay Filemon, dahil magtatapos tayo sa 2 Timoteo, ang mga huling salita ni Pablo. Ang sulat na ito ay isang maikling liham na isinulat sa isang mayamang Hentil sa Colosas na ang pangalan ay Filemon. Ang kanyang alipin na ang pangalan ay Onesimo ay nagnakaw ng salapi at tumakas. Nakilala ni Onesimo si Pablo sa kulungan kung saan inakay ni Pablo si Onesimo sa Panginoon. Isang bahagi ng pagsisi ni Onesimo ay ang pagbabalik kay Filemon, kaya sinulat ni Pablo ang liham na ito at ipinadala kay Onesimo papunta kay Filemon.

Ang pagiging diplomasya at taktika ni Pablo ay lumiwanag sa sulat na ito. Pinatungkol niya ito kay Filemon, ang kanyang asawa, ang kanyang anak na lalaki, at ang iglesiang nagpupulong sa kanyang bahay. Siya ay umapila kay Filemon sa ngalan ng pag-ibig. Sinabi niya kay Filemon na si Onesimo ay anak na niya ngayon sa pananampalataya, tulad ni Filemon, at hiningi niya sa kanya na tanggapin si Onesimo bilang kapatid kay Cristo. Hiningi niya kay Filemon na tanggapin siya tulad ng pangtanggap kay Pablo. Babayaran ni Pablo magkano man ang kinuha ng alipin na ito sa kanya, at pagkatapos pinaalala ni Pablo kay Filemon na utang niya ang kanyang kaluluwa kay Pablo, dahil siya ay dinala ni Pablo kay Cristo. Si Pablo ay siguradong higit pa sa kanyang hinihingi ang gagawin ni Filemon.

Ang puso ng mensahe sa sulat na ito ay binabago ni Jesus ang mga tao at ang kanilang relasyon sa isa't-isa. Binago ni Jesus si Pablo mula sa pagiging Pariseo na umusig sa mga Kristiyano na naging mananampalataya na ginawang mga kapatid ang isang Hentil tulad ni Filemon at ang isang alipin tulad ni Onesimo.

1. Tama o Mali? Ang tema ng sulat na ito ay binabago ni Jesus ang mga tao pero hindi ang kanilang mga relasyon.

2. Tama o Mali? Si Filemon ay isang mayamang Hudyo sa Colosas na sinasabihan ang mga Kristiyano na dapat silang magpatuli.

3. Tama o Mali? Ang pangalang Onesimo ay nangangahulugang “isang pakinabang.”

4. Tama o Mali? Binago ng Diyos ang buhay ni Onesimo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Bakit sumulat ng liham si Pablo kay Filemon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Naging Kristiyano dahil kay Pablo ang alipin ni Filemon na tumakas.
    b. Kailangan bumalik si Onesimo kay Filemon dahil siya ay nagnakaw ng salapi at tumakas.
    c. Nais na makumbinsi ni Pablo si Filemon na patawarin na si Onesimo at tanggapin siya bilang kapatid na Kristiyano.
    d. Itinuring ni Pablo si Filemon at Onesimo bilang kanyang mga anak.
    e. Lahat ng nasa itaas.

6. Ano ang kahulugan ng mensahe ng Filemon sa atin ngayon?
    a. Hindi natin magagamit ito ngayon.
    b. Dapat tayong maging mabait sa mga nagnanakaw sa atin.
    c. Binabago ni Jesu-Cristo ang mga tao at ang kanilang mga relasyon.
    d. Maaari nating lutasin ang ganitong problema ngayon sa pagiging ma-diplomasya.

7. Bakit ayaw ng mga mayroong mga alipin na ipangaral ang ganitong liham? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Matapang na sinabihan ni Pablo si Filemon na tratuhin ang kanyang alipin bilang kapatid kay Cristo at bilang isang lalaki.
    b. Ang mga nagmamay-ari ng mga alipin ay walang pakialam sa ganitong liham dahil hindi naman ito kagagamit-gamit sa kanila.
    c. Ang mga nagmamay-ari ng mga alipin ay itinuturing ang kanilang mga alipin bilang pag-aari, hindi bilang mga tao.
    d. Ayaw nilang maramdaman ang masama dahil nagmamay-ari sila ng mga alipin.

8. Paano sinabi ni Pablo kay Filemon ang tungkol kay Onesimo?
    a. Inutusan niya si Filemon na gawin ang tama.
    b. Umapila siya kay Filemon sa ngalan ng pag-ibig.
    c. Pinayuhan niya si Filemon na papagtrabauhin si Onesimo hanggang mabuo niya ang halagang kanyang ninakaw.
    d. Binalaan niya si Filemon na mapanganib si Onesimo.

9. Bakit labis ang pag-aalaga ni Pablo kay Onesimo?
    a. Nangako si Onesimo na babalik at bibisitahin si Pablo sa kulungan.
    b. Siya ay inakay ni Pablo sa Panginoon.
    c. Nais ni Pablo makabahagi ng anumang halaga sa utang ni Onesimo kay Filemon.
    d. Hudyo din si Onesimo.

10. Nag-alok si Pablo na babayaran niya anuman ang ninakaw ni Onesimo kay Filemon. Ito ba ay halimbawa ng pagpapalit ng pagbabayad na nagpapaalaala sa isang tao sa Biblia?
    a. Naghandog ng tupa si David sa Diyos dahil sa kanyang tumakas na alipin.
    b. Ang tagapangasiwa sa paupahan ay naghandog ng tupa sa Mabuting Samaritano.
    c. Binayaran ni Abraham ano man ang ninakaw ni Lot kay Isaac.
    d. Ibinigay ni Jesus ang Kanyang buhay sa krus upang bayaran ang ating mga kasalanan at kahihiyan.

Sinabi ni Pablo kay Filemon na may utang si Filemon sa kanya. Ang ibig sabihin ng *Sarili* ay ang ating pagkakaiba sa iba. Mayroong kahulugan kung bakit hindi tayo

puwedeng maging *sarili* na nais ng Diyos hanggat hindi tayo ipinanganak na muli. Ikaw ba ay isang tao na nais ng Diyos na maging? Kung hindi pa, lumapit ka sa pananampalataya sa Diyos at hingin sa Kanya na gawin ka at gabayan ka na maging *sarili* ka na nais Niyang maging kasama?

_____

_____

_____

Kilala mo ba si Jesus bilang Tagapagligtas? Paano ka niya binago? Paano niya binago ang iyong relasyon sa iba? Mayroon bang tao na dapat mong patawarin? Mayroon bang tao na dapat kang makipagkasundo?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos na tinubos ka at binigyan ka ng buhay na walang hanggan sa Kanya sa langit. Pasalamatan Siya dahil binayaran ni Jesus ang pagkakautang mo dahil sa kasalanan. Pasalamatan Siya dahil binago niya si Pablo mula sa pagiging Pariseo na umuusig sa mga Kristiyano na naging matapat na tagasunod ni Cristo kung saan ang kanyang mga sulat ay nagtuturo sa ating hanggang ngayon. Hingin sa Diyos na palakasin Niya ang iyong relasyon sa iba habang ikaw ay lumalago na nagiging katulad Niya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano binago ni Cristo si Pablo at ang relasyon niya sa mga Hentil tulad ni Filemon at ang alipin na si Onesimo?

2. Paano binago ni Cristo si Onesimo at ang kanyang relasyon sa isang dating Pariseo tulad ni Pablo?

3. Paano nais ni Pablo na magtiwala si Filemon kay Cristo upang baguhin ang kanyang relasyon sa isang alipin na si Onesimo, bilang isang amo na nagnakaw sa kanya at tumakas?

4. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang magandang katotohanan na binabago ni Cristo ang mga tao at ang kanilang mga relasyon?

5. Ilarawan paano ka binago ni Cristo at ang iyong mga relasyon sa mga tao na nakilala mo sa mundong ito.

6. Ilarawan ang malaking nagawa ng sulat na ito tungkol sa pag-kaalis nang kalakalan sa alipin ang mga tao tulad ng isang lalaki na si Wilberforce sa Englatera.

7. Bakit hindi iminungkahi ni Pablo na alisin ang kalakalan sa alipin sa mga Iglesia sa Bagong Tipan, manapay, sinabi niya sa mga alipin na mga alagad ni Jesu-Cristo sumunod sa kanilang mga amo tulad ng paglilingkod sa Panginoon?

Ang Huling mga Salita
Ng Tapat na Kawal

Kabanata 17
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 71

Layunin: Upang ipakilala ang 2 Timoteo, ang huling tagubilin ni Pablo kay Timoteo at sa atin.

Sapagkat ang Espiritung ibinigay sa atin ng Diyos ay hindi espiritu ng kahinaan ng loob, kundi espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig at pagpipigil sa sarili. Kaya't huwag kang mahihiyang magpatotoo tungkol sa ating Panginoon, at huwag mo rin akong ikakahiya, na isang bilanggo alang-alang sa kanya. Sa halip, makihati ka sa pagtitiis para sa Magandang Balita. Umasa ka sa kapangyarihan ng Diyos na nagligtas at tumawag sa atin para sa isang banal na gawain. Ginawa niya ito, hindi dahil sa anumang nagawa natin, kundi ayon sa kanyang layunin at kagandahang-loob. Sa simula pa, ito ay ibinigay na niya sa atin sa pamamagitan ni Cristo Jesus.

—2 Timteo 1:7-9

Totoo ang kasabihang ito: "Kung tayo'y namatay na kasama ni Jesu-Cristo, mabubuhay din tayong kasama niya. Kung tayo'y nagtitiis ng hirap sa mundong ito, maghahari din tayong kapiling niya. Kapag siya'y ating ikinahiya, ikakahiya rin niya tayo.

—2 Timteo 1:11-12

Kaya nga bilang isang kabataan, iwasan mo ang masasamang pagnanasa, subalit pagsikapan mong maging matuwid, tapat, mapagmahal at mapayapa, kasama ng mga taong may pusong malinis at tumatawag sa Panginoon.

—2 Timteo 2:22

Ang liham sa 2 Timoteo ni Pablo ay mga huling salita na naisulat. Sinasabi sa atin ng kasaysayan ng Iglesia si Pablo ay pumunta sa España pagkatapos niyang makulong sa Roma at pagkatapos ay bumalik sa Efeso. Noong siya ay nasa Troas, sinunog ng emperador ng Roma na si Nero ang lungsod ng Roma at pagkatapos ibinuntong niya ang sisi sa mga tagasunod ni Cristo. Ito ang simula ng panahon ng matinding kalupitan at pag-uusig laban sa Kristiyano sa ilalim ng Emperyo ng Roma. Isa si Pablo sa mga nakulong, at alam niya na hindi siya mabubuhay sa ganitong pagkabilanggo.

Pinalakas ni Pablo ang loob ni Timoteo na maging handang maghirap at tumayo para sa Panginoon. Pinaalala niya kay Timoteo ang Ebanghelyo kung saan sila ay tinawag. Gumamit siya ng tatlong larawan upang ipaliwanag gaano kahalaga ang katatagan, katapatan, at pagsisikap na manatiling totoo kay Cristo. Pinalakas niya si Timoteo na magsikap at disiplinahin ang kanyang sarili bilang isang manggagawa na hindi mahihiya, at matuwid na ginagamit ang salita

ng katotohanan. Tulad ng ginawa niya sa iba niyang mga sulat, tinawag niya si Timoteo bilang anak, pagkatapos binigyan siya ng tatlong makapangyarihang halimbawa: isang sundalo, isang atleta, at isang magsasaka.

1. Tama o Mali? Inisip ni Pablo na mapapalaya siya sa bilangguan.

2. Tama o Mali? Namatay si Pablo sa bahay kulungan niya sa Roma.

3. Tama o Mali? Isinulat ni Pablo na habang siya ay nasa kulungan, ang Ebanghelyo ay nakakulong din.

4. Tama o Mali? Inamin ni Pablo na nahihiya siya kay Cristo.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Inabandona siya ng lahat, maliban sa mga taong ito: *(piliin lahat ng akma)*
    a. Lucas
    b. Felipe
    c. Onesiforo
    d. Lydia

6. Ano ang kaibahan ng sulat sa bilangguan doon sa mga ibang sulat? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sinulat ni Timoteo ito upang parangalan si Pablo.
    b. Hindi hiningi ni Pablo kay Timoteto o sa iglesia na ipanalanging makalaya siya.
    c. Nagreklamo si Pablo sa kanyang kalalagayan kung paano iniwan siya ng Diyos.
    d. Ibinigay ni Pablo ang huling tagubilin niya kay Timoteo.

7. Sa kabanatang dalawa, ano ang mga halimbawang binanggit ni Pablo na dapat gayahin ni Timoteo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Manggagawa ng tolda
    b. Sundalo
    c. Atleta
    d. Magsasaka

8. Ano ang ibig sabihin ni Pablo nang sinabi niya, "maglingkod bilang mabuting sundalo?"
    a. Lagi tayong maging handang makipaglaban para sa ating kumandante, Jesu-Crsto.
    b. Hindi tayo dapat maging abala sa mga walang kaugnayan sa ebanghelyo kundi manatiling nakatuon sa paglilingkod sa ating kumandante.
    c. Dapat nating lusubin ang mga kaaway.
    d. Dapat tayong magsuot ng uniporme.

9. Ano ang itinuturo ni Pablo kay Timoteo nang sinabi niya na isipin mabuti ang isang magsasaka? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Handang magtrabaho ng mahirap.
    b. Maging tapat sa pagpunla ng buto.
    c. Maging maingat sa pagtamasa nang mabuting buhay sa bukid.
    d. Maging interesado lang sa ani.

10. Ano ang sinabing mabuti ni Pablo kay Timoteo? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Alam mo na binigyan tayo ng Diyos ng espiritu ng kapangyarihan, pag-ibig, at sariling-disiplina.
    b. Huwag mong ikahiya si Cristo o si Pablo.
    c. Magtago kasama ng mga kapatid hanggang hindi tapos ang pag-uusig na ito.
    d. Samahan mo si Pablo sa paghihirap sa Ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

11. Sa 2 Timoteo 2:15, sinulat ni Pablo, *"Pagsikapan mong humarap na subok sa Dios, manggagawang walang anomang ikahihiya, na gumagamit na matuwid ng salita ng katotohanan."* Anong ibig niyang sabihin na dapat marunong gumamit ng matuwid na Salita ng katotohanan?
    a. Gawin ang pinakamabuti upang malaman at ipamuhay ang katotohanan ng Biblia.
    b. Gawin ang pinakamabuti na dalhin ang Biblia saan man tayo pupunta.
    c. Gawin ang pinakamabuti na makakuha ng mabuting edukasyon mula sa Bible school.
    d. Gawin ang pinakamabuti upang matukoy kung saan mali ang isang tao.

Kung ikaw ay nasa kinatatayuan ni Pablo, sa palagay mo ba ikaw ay mahihiya sa Ebanghelyo? Anong larawan ang pinaka-humahamon sa iyong buhay? Ano ang magagawa mo itong linggong ito upang maging mas mabuti kang “sundalo,” disiplinadong “atleta,” at matiyagang manggagawang “magsasaka” sa paglilingkod sa Panginoon?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos na nanatiling tapat si Pablo hanggang sa kahuli-hulihan ng kanyang buhay. Purihin Siya sa buhay ni Pablo bilang halimbawa ng katapangan, katatagan, at pananampalataya. Pasalamatan ang Diyos dahil sa Kanyang kahulihulihang tagubilin kay Timoteo, na napakahalaga sa atin ngayon. Hingin na tulungan ka ng Diyos na maging matatag kapag tinawag ng pangangailangan upang manatili sa pananampalataya. Hingin na bigyan ka ng espiritu ng kapangyarihan, pagmamahal, at sariling-disiplina (2 Timoteo 1:7). Hingin na tulungan kang magsikap upang maipakilala mo ang iyong sarili bilang isang manggagawa na hindi nahihiya, at marunong gumamit ng matuwid na Salita ng katotohanan. (2 Timoteo 2:15)

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano magagamit sa iyong sarili ang katotohanang may nangyari kay Timoteo noong ipatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanya, na dapat niyang pag-alabin ang kaloob na iyon, o pangyayari, na inilarawan (sa 2 Timoteo 1:6-7), na alam natin ang Diyos ay hindi tayo binigyan ng espiritu ng pagkatakot kundi ng kapangyarihan, pag-ibig, at matinong pag-iisip.

2. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang tatlong halimbawa na ibinigay ni Pablo kay Timoteo (sa kabanata 2:3-7) na isang sundalo, isang atleta, at isang magsasaka?

3. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang dakilang tagubilin ni Pablo kay Timoteo (sa 2 Timoteo 2:2), na isa sa pinaka-mahalagang katuruan na narinig ng mundong ito kung paano gagawa ng isang alagad para kay Jesu-Cristo?

4. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang katuruan ni Pablo sa kabanatang 2, na kahit sa ating panghihina ay magawa nating ikaila ang Panginoon (maaring kapag pinapahirapan na tayo), hindi Niya kayang ikaila tayo dahil hindi Niya kayang ikaila ang Kanyang sarili?

5. Sa paggamit ng tagubilin ni Pablo tungkol sa pastoral counseling (sa 2 Timoteo 2:23-26), ano ang tatlong bunga ng Espiritu na dapat mong maranasan? Ano ang mga problema ng mga taong iyong pinapayuhan? Ano ang iyong layunin? Kailan sila magiging malaya sa kanilang mga problema? Ano ang isang bagay na hindi mo dapat gawin?

6. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang tagubilin ni Pablo kay Timoteo na “Ipangaral ang Salita,” na nasa unang dalawang talata ng kabanatang 4?

7. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang mga huling salita ni Pablo kay Timoteo 4:6-8 at 1 Mga Taga Corinto 9:24-27 sa iyong buhay bilang layunin at pangunahing bagay?

Ano ang Gagawin Tungkol Sa Iyong Nalalaman?

Kabanata 18
Aralin sa Pakikinig: Bagong Tipan 72

Layunin: Upang maunawaan ang huling tagubilin ni Pablo.

At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba.

—2 Timteo 2:2

Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran: Upang ang tao ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti.

—2 Timteo 3:16-17

Sapagka't ako'y iniaalay na, at ang panahon ng aking pagpanaw ay dumating na. Nakipagbaka ako ng mabuting pakikipagbaka, natapos ko na ang aking takbo, iningatan ko ang pananampalataya: Buhat ngayon ay natataan sa akin ang putong na katuwiran, na ibibigay sa akin ng Panginoon na tapat na hukom sa araw na yaon; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat din naman ng mga naghahangad sa kaniyang pagpapakita.

—2 Timteo 4:6-8

Ang ikalawang Timoteo ay ang huling mga salita ni Pablo na naitala bago siya bitayin dahil sa kanyang pananampalataya kay Cristo. Sa huling bahagi ng kabanatang 2, nagbigay siya ng tagubilin kay Timoteo at sa ibang mga pastor kung paano magbigay ng payo o tumulong sa mga taong sumasalungat sa kanilang sarili, o nabubuhay na salungat sa plano ng Diyos para sa kanila. Hindi hinahayaan ng mga taong ito ang katotohanan ng Diyos na manguna sa buhay nila at nabilanggo sila ng diyablo. Dumating si Jesus upang palayain ang tao. Hindi kaya ng mga pastor na iligtas ang sinuman mula kay Satanas, ngunit maaari silang magamit ng Banal na Espiritu na sabihin ang katotohanan sa kanila at ipanalangin sila.

Ang pinaka puso ng 2 Timoteo ay ang 3:10-4:5. Pina-alala ni Pablo kay Timoteo ang mga bagay na alam na niya dahil sa kanilang malapit na relasyon at sa mga itinuro ni Pablo. Ang talatang 2:2 sinasabi na nasaksihan ni Timoteo ang katuruan ni Pablo, at pinalakas ni Pablo ang loob niya upang turuan ang mga matatapat na kalalakihan upang sila din ay makapagturo sa iba. Inudyukan ni Pablo si Timoteo na magpatuloy sa mga bagay na kanyang natutunan at ipangaral ang Salita.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na bumisita siya bago mag taglamig, ngunit maraming mga dalubhasang mga iskolar ang nagsasabi na binitay siya ng mas maaga pa. Maaaring nabasag ang ang puso ni Timoteo na hindi na niya nakita ang kanyang pastor, ang kanyang espirituwal na

ama, at kaibigan bago pumunta si Pablo kay Jesus. Sinulat ni Pablo na nakipaglaban siya ng magandang labanan, at kanyang tinapos ang takbuhin, at nanatili sa pananampalataya. Alam niya na malapit na siyang humarap kay Jesus, na bibigyan siya ng putong ng katuwiran.

1. Tama o Mali? Ang dahilan bakit sumulat si Pablo kay Timoteo ay natatakot siya baka hindi alam ni Timoteo ano ang kailangan upang manatili sa pananampalataya.

2. Tama o Mali? Pagkatapos ng sulat na ito hindi na nakita ni Timoteo si Pablo muli.

3. Tama o Mali? Inudyukan ni Pablo si Timoteo na magtiwala sa kanyang sariling talino kapag siya ay nagbibigay nang payo sa iba.

4. Tama o Mali? Magagawa ng mga pastor na gawing magsisi ang mga tao kung may sapat silang pagsisikap.

5. Tama o Mali? Hindi sumama ang loob ni Pablo na iniwan siya ng lahat.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Ano ang tagubilin ni Pablo tungkol sa pagbibigay payo sa mga sumasalungat sa kanilang sarili? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ayusin lahat ng problema nila.
    b. Huwag magpayo sa mga taong may mga problema. Ito ay mahirap.
    c. Marahang turuan sila ng katotohanan.
    d. Ipanalangin na alisin sila ng Banal na Espiritu sa patibong ng diyablo.

7. Ano ang istratehiya ni Pablo sa pagtuturo ng Salita ng Diyos?
    a. Turuan ang mga alagad na isaulo ang Kasulatan at mga ritwal
    b. Sanayin ang mga alagad na sumama sa mahabang paglalakbay sa misyon.
    c. Hikayatin ang mga alagad na magdusa sa bilangguan.
    d. Turuan ang mga alagad upang sila rin ay makapagturo.

8. Isinulat ni Pablo na maraming alam si Timoteo tungkol sa kanya? Ano ang iilan sa mga iyon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ang kanyang pagtuturo at pangangaral ng Ebanghelyo
    b. Ang kanyang layunin at pananampalataya sa Ebanghelyo
    c. Ang kanyang misyon at pagdurusa para sa Ebanghelyo
    d. Lahat ng nasa itaas

9. Ang 2 Timoteo 3:16 ay susing talata. Ano ang iilang mga puntos na ginawa ni Pablo tungkol sa kasulatan? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Lahat ay kinasihan ng Diyos.
    b. Magagamit sa pagtuturo at pagsasanay.
    c. Ito ay isang aklat na puno ng mga magagandang payo.
    d. Binibigyan ng kakayahan ang mga tao upang gumawa ng mabuti

10. Ano ang sinabi ni Pablo kay Timoteo na dapat niyang gawin lagi?
    a. Magpastor sa iglesia sa Lystra
    b. Ipangaral ang Salita
    c. Tingnan si Filemon at Onesimo
    d. Tumigil sa pag-rereklamo

Sa huling panahon ng buhay ni Pablo, sinabi niya kay Timoteo na siya ay nakipaglaban ng mabuting labanan, tinapos ang kanyang takbuhin, at nanatili sa pananampalataya. Sa huling panahon ng iyong buhay, masasabi mo ba ang ganito rin? Ano ang gagawin mo sa mga natutunan mo?

_____

_____

_____

Si Pablo, tulad ni Moses, alam ang sinasabi nating Apat na Sikretong Espirituwal: “Hindi ako ang tagapagligtas, ngunit ang Diyos ang Tagapagligtas.” “Hindi ko maliligtas ang sinoman, ngunit kaya ng Diyos ang magligtas.” “Kadalasa’y ayaw kong magligtas, ngunit nais ng Diyos na gamitin ako upang magligtas.” At kapag may iniligtas ang Diyos, kailangan kong ipahayag: “Hindi ako nagligtas ng sinoman, kundi ang Diyos ang nagligtas.” Hinamon ni Pablo si Timoteo na laging ipangaral at ituro ang Salita, dahil ito ay hindi tungkol lahat sa atin, kung sino tayo, ano ang magagawa natin, o maging ang nais nating gawin. Ang malaman ang apat na sikretong ito ay matatanto natin, itong lahat ay tungkol sa kung Sino ang Diyos, ano ang magagawa ng Diyos, at ano ang nais gawin ng Diyos. Kapag nagligtas at nagpalaya ang Diyos, binibigyan natin Siya ng kaluwalhatian. Tayo ang pinakamasaya at lubos na nakaramdam nang kaganapan kapag tayo ay nabubuhay na sumusunod sa Diyos. Paano gagamitin ang apat na espirituwal na katotohanan na ito sa iyong buhay? Ano ang gagawin mo sa lahat ng mga natutunan mo sa pag-aaral na ito?

_____

_____

_____

Purihin ang Diyos sa halimbawa ni Pablo na nanatili sa pananampalatatya kahit sa gitna ng pinakamasamang kalagayan sa buhay. Pasalamatan ang Diyos sa pag-aaral na ito sa mga sulat ni Pablo. Hingin sa Diyos na tulungan kang maturuan ang iba sa pamamagitan ng iyong salita at halimbawa. Hingin sa kanya na magamit mo sa iyong buhay lahat ng iyong natutunan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang magagamit mo sa iyong sarili kung paano kakilala ni Timoteo si Pablo na pinaalala ni Pablo sa kanya dahil sa matalik nilang relasyon?

2. Paano mo magagamit sa iyong sarili ang paraan ni Jesus sa pagpili ng labindalawang kalalakihan na sumama sa Kanya at pagkatapos ay isugo sila ayon sa Marcos 3:13-14?

3. Iugnay at gamitin ito sa kahalagahan ng Dakilang Komisyon ni Jesus na nahayag sa Mateo 28:18-20.

4. Sa ibang mga salin, ang Dakilang Komisyon ni Jesus ay mababasa na ang mga apostol at ang naging alagad nila ay magtuturo ng mga alagad nang lahat ng iniutos ni Jesus na dapat nilang malaman, sa kanilang mga seminaryo taon-taon sa loob ng tatlong taon. Gaano katagal matatapos ito at paano mo magagamit ang ginawa ni Jesus at ni Pablo?

5. Ikaw ba ay handang gumamit nang ganitong relasyon tulad ni Pablo at Timoteo na nagsimula sa Lystra hanggang sa natapos sa huling liham na ito, at hayaan ang karanasan na iyon ay magbigay hamon sa iyo na maghahanap ka ng Timoteo kung ikaw ay matagal nang mananampalataya at maghanap ng Pablo kung baguhan ka lang na mananampalataya?

6. Paano mo magagamit ang halaga ng pagiging pangatlong henerasyon na mananampalataya gaya ni Timoteo bilang alagad ni Jesus?

7. Paano nagkaroon ng pagkakaiba sa iyong buhay at ministeryo ang paggamit mo ng mga sulat na ito ni Pablo kay Timoteo?